

Pakete sa Pagdinig ng Sentrong Pangrehiyon sa Pagkanararapat (Regional Center Hearing Packet)

Agosto 2015, Pub. #5573.08 - Tagalog

Ang mga materyales na ito ay para tumulong sa paghahanda para sa isang pagdinig ng sentrong pangrehiyon sa pagkanararapat para sa mga bata (edad tatlong taon at mas matanda) o mga may sapat na gulang na tinanggihan ng sentrong pangrehiyon sa pagkanararapat.

Seksyon Isa – Pag-apela sa Pagtanggap ng Sentrong Pangrehiyon sa Pagkanararapat: isang praktikal na hakbang-hakbang na gabay sa pag-apela ng pagtanggap ng pagkanararapat para sa mga serbisyo ng sentrong pangrehiyon.

Seksyon Dalawa – Mga apendise: mga chart, gabay, form, mga sampol na dokumento, at ang batas at mga regulasyon na namumuno sa mga isyu ng pagkanararapat ng sentrong pangrehiyon.

Sa paketeng ito, ginagamit namin ang katawagan na "ikaw" para tumukoy sa bata (edad tatlo o mas matanda) o may sapat na gulang na pinipilit na makakuha ng pagkanararapat ng sentrong pangrehiyon.

Ang proseso ng pagdinig sa paketeng ito ay magkaiba sa proseso ng pagdinig para sa mga gumagamit ng Early Start (Maagang Pagsisimula) (edad pagkapanganak hanggang tatlo). Ang programang Early Start ay nagkakaloob ng mga serbisyo at suporta para sa mga batang mas bata sa 3 taong gulang na nangangailangan ng mga serbisyo maagang pamamagitan dahil mayroon silang mga pagkakaantala hinggil sa paglilintang sa mga larangan ng paglilintang ng kaalaman, pisikal na paglilintang, paglilintang sa wika at pananalita, panlipunan o pandamdamin na paglilintang, o mga kasanayang pagtulong-sa-sarili. Mangyaring tingnan ang aming

Fact Sheet sa mga Serbisyo ng Early Start para malaman ang iyong mga karapatan sa pagdinig sa Early Start. <http://www.disabilityrightsca.org//pubs/F05701.pdf> at basahin ang Chapter 12 ng *Espesyal na Edukasyon ng Disability Rights California: Manwal ng Mga karapatan at Pananagurtan* .

Hindi inaakseyunan ng paketeng ito ang *mga pagtatapos* ng pagkanarapat ng sentrong pangrehiyon. Kung isa ka nang tagagamit ng sentrong pangrehiyon, ngunit tinanggal na sa pagkanarapat, mangyaring tingnan ang Q & A numero 21 sa aming Mga karapatan sa ilalim ng paglalathala ng Lanterman Act na matatagpuan dito: <http://www.disabilityrightsca.org/pubs/506301Ch02.pdf>

Good luck sa iyo sa iyong pagdinig! Umaasa kaming matutuklasan mong nakatutulong ang impormasyon na ito. Kung mayroon kang mga katanungan o kailangan ng karagdagang tulong, kontakin ang Disability Rights California (800) 776-5746 o ang iyong lokal na Opisina ng Pagtataguyod sa mga Karapatan ng Kliyente (Office of Clients' Rights Advocacy) (800) 390-7032.

Talaan ng Nilalaman

| | |
|---|----|
| Kabanata 1 – Panimula at Kaugnay na Batas/Mga regulasyon para sa Pagtataguyod ng Pagkanararapat ng Sentrong Pangrehiyon | 6 |
| Dapat Magmula ang Kundisyon Bago sa Edad Labingwalo..... | 7 |
| Ang Kundisyon ay Dapat Malamang na Magpatuloy Nang Walang Katiyakan | 7 |
| Ang Kundisyon at Dapat Maging Substansyal na Nakalulumpo | 8 |
| Kabanata 2 – Malawakang Pananaw ng mga Kapansanan Hinggil sa Paglilinang | 9 |
| Kapansanan sa Pangkaisipan | 9 |
| Cerebral Palsy | 10 |
| Autism..... | 10 |
| Epilepsy..... | 11 |
| 5 th na Kategoriya | 12 |
| Kasamang-Nagaganap na mga Isyu ng Kalusugan Hinggil sa Pag-iisip o mga Kapansanang Matuto..... | 12 |
| Kabanata 3 – Pagpapatibay ng mga Diyagnosis ng Autism, Kapansanan na Pangkaisipan, o Pagkanararapat na Kategoriyang 5 th | 14 |
| Autism..... | 14 |
| DSM-5 | 14 |
| Mga pinakamainam na Kasanayan ng DDS (DDS Best Practices)..... | 16 |
| Kapansanan sa Pangkaisipan | 17 |
| 5 th na Kategoriya | 20 |
| Chapter 4 – Ang Proseso ng Pagdinig | 22 |
| Sapat na Paunawa | 22 |
| Paghain ng Pagdinig..... | 22 |

| | |
|--|----|
| Hindi pormal na Pulong | 24 |
| Pamamagitan | 24 |
| Mga mosyon | 25 |
| Patas na Pagdinig..... | 25 |
| Pagpapatuloy (Pagpapaliban)..... | 26 |
| Mga tagasaling-wika | 27 |
| Kakayahang mapuntahan ang Lokasyon ng Pagdinig | 27 |
| Pagkuha ng Ibang Hukom (Judge) | 27 |
| Chapter 5 – Paghahanda sa Pagdinig..... | 29 |
| Pagtiyak ng Iyong Legal na Argumento | 29 |
| Pagkolekta ng Ebidensya | 29 |
| Ano ang mga Pagtatasa? | 30 |
| Ano ang Layunin ng isang Pagtatasa? | 30 |
| Bakit Mo Kailangan ng Pagtatasa para sa Pagkanararapat ng Sentrong Pangrehiyon? | 31 |
| Ano ang Proseso ng Pagtatasa? | 31 |
| Sino ang Nagsasagawa ng mga Pagtatasa?..... | 31 |
| Paano Tatalakayin ng Pagtatasa ang Substantial Disability? | 31 |
| Anong mga Pagsusuri ang Ginagamit sa Panahon ng mga Pagtatasa?..... | 32 |
| Paano kung ang Pagtatasa ay May Kasamang Impormasyon na Hindi Sinusuportahan ang Pagkanararapat? | 32 |
| Mga sulat..... | 33 |
| Mga saksi | 33 |
| Mga karaniwang Saksi | 33 |

| | |
|--|----|
| Mga ekspertong Saksi..... | 35 |
| Pagsusumite ng Saksi at Listahan ng Eksibit | 41 |
| Mga pampangad na Pahayag..... | 42 |
| Pagtatanong sa mga Saksi..... | 42 |
| Mga saksi ng Sentrong Pangrehiyon..... | 42 |
| Ang Iyong Mga Saksi | 42 |
| Maikling Pagtatapos ng mga Pahayag/Nakasulat na Pagtatapos..... | 43 |
| Pagkatapos ng Pagdinig..... | 44 |
| SEKSYON 2: Mga apendise | 45 |
| Apendise A: FLOW CHART NG PATAS NA PAGDINIG..... | 46 |
| Apendise B - Gabay sa Pagtatasa..... | 48 |
| APENDISE C – Sampol ng Kahilingan para Magpalit ng Mga hukom | 57 |
| Apendise D – Sampol ng Listahan ng Mga saksi at Exhibit..... | 59 |
| Apendise E - Batas ng Pagkanararapat ng Sentrong Pangrehiyon | 61 |

Kabanata 1 – Panimula at Kaugnay na Batas/Mga regulasyon para sa Pagtataguyod ng Pagkanararapat ng Sentrong Pangrehiyon

Kung natanggihan ka na ng pagkanararapat para sa mga serbisyo ng sentrong pangrehiyon at hindi sumasang-ayon sa desisyon ng sentrong pangrehiyon, may karapatan kang mag-apela. Bibigyan ka ng manwal na ito ng praktikal na impormasyon tungkol sa kaugnay na batas, kung paanong mag-apela, at kung ano ang maaasahan sa panahon ng apela.

Nakalaan ang serbisyo ng sentrong pangrehiyon sa sinumang tao na may isang "kapansanan hinggil sa paglilinang" tulad ng tinukoy ng Lanterman Act. Sa ilalim ng batas ng California, binibigyan ng Lanterman Act ang mga tao na may mga kapansanan hinggil sa paglilinang ng karapatan sa mga serbisyo at suporta na pinapahintulutan sila na mabuhay sa pinakamalaya, produktibo, at normal na mga buhay hangga't maaari. Maaaring matagpuan ang Lanterman Act sa Welfare and Institutions Code sections 4400-4906. Para sa isang kaso ng pagkanararapat ng sentrong pangrehiyon, Welfare & Institutions Code Section 4512(a) at California Code of Regulations (CCR), Title 17, Section 54000-54002 ay ipinagkakaloob ang kaugnay na batas. Tingnan ang <http://www.leginfo.ca.gov/calaw.html>.

Para maging karapat-dapat para sa mga serbisyo mula sa isang sentrong pangrehiyon, dapat matugunan ng tao ang kahulugan ng "kapansanan hinggil sa paglilinang" na itinaguyod sa [California](#).

Ang ibig sabihin ng kapansanan hinggil sa paglilinang ay isang kapansanan na:

- (1) nagmumula bago umabot ang indibidwal sa edad na 18 [taon](#);
- (2) nagpapatuloy, o maaaring maasahan na magpapatuloy, nang walang katiyakan; at (3) nagbubunsod ng substantial disability para sa indibidwal na iyon.
- (4) Gaya nang tinukoy ng Director of Developmental Services, bilang pagkonsulta sa Superintendent of Public Instruction, ibibilang sa katawagang ito ang: (a) kakulangan sa pag-iisip (mental retardation); (b) cerebral palsy; (c) epilepsy; at (d) autism. Isasama rin sa katawagang ito ang "5th Category," kung saan ay: (e) ang mga kondisyon ng pagkalumpo na natuklasang malapit na nauugnay sa kakulangan sa pag-iisip; o (f) para hilingin ang paggagamot katulad sa kinakailangan na iyon para sa

mga indibidwal na may kakulangan sa pag-iisip, ngunit hindi isasama ang ibang mga kondisyong nakahahadlang na mga pisikal ang gawi lamang.

Para sa mga kaso ng pagkanararapat ng sentrong pangrehiyon, nasa iyo ang responsibilidad ng pagpapatunay. Nangangahulugan ito na kailangan mong patunayan na natutugunan mo ang bawat elemento ng batas upang maipanalò ang iyong kaso.

Dapat Magmula ang Kundisyon Bago sa Edad Labingwalo

Hinihingi ng kahulugan ng kapansanan hinggil sa paglilinang na ang kundisyon ay “magmula bago sa umabot sa edad 18 ang indibidwal.” Kung ikaw ay mababa sa edad 18 sa panahon ng iyong pagdinig, hindi magiging isyu ang elementong ito. Kung lampas ka sa edad na 18, maaaring kailangan mong bumuo ng sapilitang larawan kung ano ka noong lima, sampu, dalawampu o higit pang nakaraang mga taon. Kakailanganin mong hanapin ang mga rekord ng paaralan, medikal at iba pa na makatutulong sa iyo gawin. Dapat mo rin subukan humanap ng mga testigo na kilala ka noong ikaw ay mas bata.

Umpisahan sa pamamagitan ng pagtataguyod na ikaw ay lubhang may kapansanan na ngayon, anuman ang iyong edad. (Tingnan ang seksyon sa pahina 7 F sa ibaba, kung saan tinatalakay ang pagpapatunay ng substantial disability.) Pagkatapos, para patunayan na ang substantial disability ay nagmula bago sa edad 18, maghanap para makapagtaguyod sa pamamagitan ng testimonya at mga rekord na ikaw ay katulad na naapektuhan noon bago umabot sa edad 18.

Ang Kundisyon ay Dapat Malamang na Magpatuloy Nang Walang Katiyakan

Ang mahalagang bagay na tatandaan dito ay kailangan mo lamang patunayan na ang kundisyon ay malamang na magpatuloy *nang walang katiyakan*, hindi kailangang magpasawalang-hanggan. Karamihan sa ating kliyente ay may kundisyon na tatagal magpasawalang-hanggan. Anuman ang mangyari, halos imposibleng ipahiwatig nang may anumang katiyakan na ang substantial disability ay magtatapos sa isang nahuhulaang panahon. Paminsan-minsan lumalabas ang isyu na ito sa mga kaso kung saan kini-claim ng sentrong pangrehiyon na ang kundisyon ay “saykayatriko lamang.” (Tingnan ang kabanata 2 sa ibaba hinggil sa regulasyon tungkol sa “saykayatriko lamang.”) Maaaring ipaggiitan ng sentron pangrehiyon na sa pamamagitan ng pagpapainom ng gamot, bubuti ang iyong kundisyon at hindi ka na magiging may kapansanan. Sa naturang kaso, ang iyong pinakamalaking hamon ay pagpapatunay sa ilang ibang sanhi, tulad ng isang neurological dysfunction, na hindi magagamot ng pagpapainom ng gamot. Kung gagawin mo iyon, hindi dapat gagawa ng problema. Ang mga sentrong pangrehiyon ay kadalasang gustong ituring

na natutugunan mo ang elemento ng kahulugan na ito. Kung hindi, kailangan mo pa rin itaguyod ito sa pamamagitan ng testimonya ng eksperto.

Ang Kundisyon at Dapat Maging Substansyal na Nakalulumpo

Tinukoy ng mga regulasyon ng DDS ang substantial disability bilang “isang malaking kahinaan sa kaalaman at/o pakikipagkapwang [paggana.](#)” Samantalang hindi kailangan ang parehong kahinaan sa kaalaman at pakikipagkapwa para matupad ang kinakailangan ng substantial disability, sa praktikal na paggamit, lumalapat lamang ito sa mga tao na nag-a-apply sa ilalim ng batayan ng autism, cerebral palsy, o epilepsy dahil ang mga nag-a-apply sa ilalim ng kapansanan sa pangkaisipan o 5th category ay kakailanganing magpakita ng kahinaan sa parehong domain upang maitaguyod na ang mga ito ay talagang may kapansanan sa pangkaisipan o magiging karapat-dapat sa ilalim ng 5th category.

Ang ibig sabihin ng “Substantial disability” ay ang pag-iral ng tunay na mga limitasyon sa paggana sa tatlo o higit pa sa mga sumusunod na larangan ng malaling aktibidad ng buhay, gaya nang tinukoy ng isang sentrong pangrehiyon, at nang naaangkop sa edad ng tao:

- (1) Sariling pangangalaga;
- (2) Madaling makaunawa at mapagpahiwatig na wika;
- (3) Kaalaman;
- (4) Kadaliang kumilos;
- (5) Sariling-pangangasiwa;
- (6) Kapasidad para sa malayang pamumuhay; at
- (7) Pangkabuhayan na sariling natutugunan ang pangangailangan.

Paalala: Bago sa Agosto 11, 2003, *hindi* humiling ang batas ng mga kahinaan sa anumang partikular na bilang ng mga larangan. Kung natuklasan ang isang tao na karapat-dapat ng sentrong pangrehiyon bago noon, at inilalabas na ngayon ng sentrong pangrehiyon ang kanyang pagkanararapat, hindi kailangang magpakita ang tao ng mga kahinaan sa tatlo o higit pang larangan.

Para matugunan ang pamantayan para sa substantial disability, dapat mong patunayan na mayroon kang mga kakulangan sa hindi bababa sa tatlo ng mga larangan sa itaas. Ang pagpapatunay nang mabuti sa elementong ito ng iyong kaso ay mahalaga sa pareho para ipakita na ikaw ay karapat-dapat para sa mga serbisyo at saka ipamalas sa Administrative Law Judge (ALJ) kung bakit ito mahalaga para makatanggap ka ng mga serbisyo ng sentrong pangrehiyon. Dito dapat kang magtuon sa pagpapatunay sa hukom ang kalalaan ng iyong kapansanan at maliwanag na inilalarawan ang lahat ng larangan na kailangan mo ng tulong

Kabanata 2 – Malawakang Pananaw ng mga Kapansanan Hinggil sa Paglilinang

Mga kapansanan Hinggil sa Paglilinang ay [kabilang ang](#):

- (1) Kapansanan sa Pangkaisipan (dating tinatawag na “Mental [Retardation](#)”);
- (2) Cerebral Palsy;
- (3) Epilepsy;
- (4) Autism;
- (5) Mga nakakabaldang kundisyon na natuklasang malapit na nauugnay sa kapansanan sa kaalaman o para kailanganin ng katulad na paggagamot sa kinakailangan para sa mga indibidwal na may kapansanan sa pangkaisipan (tinatawag na “5th Category”).

Kapansanan sa Pangkaisipan

Ayon sa American Psychiatric Association’s Diagnostic at Statistical Manual of Mental Disorders, Fifth Edition ([DSM-5](#)), ang kapansanan sa pangkaisipan ay isang diperensya na may pagsisimula sa panahon ng pagbubuo na kabilang ang parehong kapansanan sa pangkaisipan at mga kakulangan ng pagbabagay ng pagganap sa konseptuwal, panlipunan, at mga praktikal na domain. Ang tao ay kailangang suriin pagpasyahan (masuri) ng isang lisensyadong clinician para malaman kung natutugunan nila ang pamantayan para sa kapansan sa pangkaisipan. Ang sumusunod na tatlong pamantayan ay dapat matugunan:

- A. Mga kakulangan sa mga kaisipang pagganap, tulad ng pangangatwiran, paglutas ng problema, pagpaplano, nasa isipan na pag-iisip, pagpapasya, pag-aaral na pang-akademya, at pagkakatuto sa karanasan, na kumpirmado ng parehong klinikal na pagtatasa at isina-indibideal, isina-pamantayan na pagsusuri.
- B. Mga kakulangan ng pagbabagay ng pagganap na nagresulta sa kabiguan para matugunan ang mga pamantayan hinggil sa paglilinang at panlipunang-pangkultura para sa sariling kalayaan at panlipunang responsibilidad. Kung walang patuloy na suporta, lilimitahan ng paggana ang mga kakulangan ng pagbabagay sa isa o higit pang aktibidad ng pang-araw-araw na buhay, tulad ng komunikasyon, pakikilahok sa lipunan, at malayang pamumuhay, sa kabila ng maramihang kapaligiran, tulad ng bahay, paaralan, trabaho, at komunidad.
- C. Pagsisimula ng mga kakulangang pangkaisipan at pagbabagay sa panahon ng paglilinang.

Dapat tukuyin ng tagapagtasa ang antas ng kalalaan, kung saan ipinapaliwanag ng DSM-5 ay batay sa pagbabagay ng pagganap, at hindi mga marka sa IQ, dahil ito ay pagbabagay na pagganap na tutukoy sa antas ng kailangang mga suporta.

Paalala: Ang diyagnosis ng kapansanan na pangkaisipan ay posible para sa mga indibidwal na may buong sukat ng mga marka ng IQ sa pagitan ng 71 at 75 kung mayroon silang kitang-kitang mga kakulangan sa mga larangan ng pagbabagay sa pag-uugali na nakalista sa itaas. Ang opinyon ng isang malayang eksperto ay maaaring kailanganin para pagtibayin ito.

Tingnan ang <http://www.ddhealthinfo.org> para sa higit na impormasyon.

Cerebral Palsy

Ang cerebral Palsy ay isang payong na katawagan na naglalarawan ng takda ng mga kundisyon na nakaaapekto sa kontrol na mayroon ang isang tao sa pagkilos. Kadalasang nagsisimula ito pagkapanganak o sa panahon ng unang ilang taon ng buhay. Ang mga sintomas ay maaaring magbago sa katagalan, ngunit sa karaniwan ang kundisyon mismo nito ay hindi sumusulong. Ito'y sanhi ng pinsala sa mga bahagi ng utak na kumokontrol sa paggalaw at tindig o sa hindi paggana ng mga bahagi na iyon para mabuo nang naaangkop.

Tingan ang <http://www.nlm.nih.gov/medlineplus/cerebralpalsy.html> para sa higit na impormasyon.

Autism

Ginagamit ng Lanterman Act ang katawagan na, “autism” bilang isa sa limang kategorya ng kapansanan hinggil sa paglilalang. Alinman sa DSM-IV-TR, ni hindi ang DSM-5, ay ginagamit ang katawagan na, “autism.”

Inilarawan ng DSM-IV-TR ang “autistic disorder” bilang isa sa limang Pervasive Developmental Disorders (PDD). Kabilang sa ibang PDD ay mga Pervasive Developmental Disorder-Not Otherwise Specified (PDD-NOS), Asperger’s Disorder, Rett Syndrome, at Childhood Disintegrative Disorder. Sa DSM-IV-TR, bagaman ang mga diyagnosis ng diperensyang autistic at ng Asperger's Disorder ay magkakatulad, mayroon ilang pagkakaiba. Ang pangunahing paraan na nagkaiba ang Asperger’s Disorder sa Autistic Disorder ay ang diyagnosis ng Autistic Disorder ay kailangan ng pagkaantal ng mahalagang wika at isang pagsisimula bago sa edad na 3.

Ang ilang sentrong pangrehiyon ay tinanggap ang posisyon na ang mga tao na may Asperger’s Disorder ay mga hindi karapat-dapat sa mga serbisyo ng sentrong

pangrehiyon sa ilalim ng kategorya ng "autism" ng Lanterman Act. Ang ilang sentrong pangrehiyon ay tinaggap rin ang posisyon na ang mga tao na may PDD-NOS ay mga hindi karapat-dapat para sa mga serbisyo ng sentrong pangrehiyon sa ilalim ng "autism," bagaman maaaring naging karapat-dapat sila para sa mga serbisyo sa ilalim ng "kategoryang 5th." (Tingnan sa ibaba para sa impormasyon tungkol sa pagkanararapat sa ilalim ng "kategoryang 5th"). Ang ilang sentrong pangrehiyon ay pinahihuntulutan ang mga tao na maging karapat-dapat bilang "high functioning autism," kung nagkaroon sila ng mas mataas na mga marka ng IQ, kung saan ay mahirap kilalanin mula sa Asperger's.

Sa mga nakaraang pandinig para sa pagkanararapat ng sentrong pangrehiyon, karamihan sa hukom ay sinasabi na ang "autism" ng Lanterman Act ay nangangahulugan na "autistic disorder" sa DSM-IV-TR (at hindi Asperger's o PDD-NOS). Kung gayon, karamihan sa tao na nagkaroon ng Asperger's o PDD-NOS ay natuklasang hindi natutugunan ang legal na pamantayan para sa pagkanararapat ng sentrong pangrehiyon.

Ginagamit ng DSM-5 ang diyagnosis na, "Autism Spectrum Disorder" (ASD). ASD ang bagong katawagan na nasa DSM-5 na tumutukoy sa dating Pervasive Developmental Disorders, sa lahat ng antas ng kalalaan. Kabilang dito ang mga kundisyon na dating magkahiwalay na tinatawag na Autistic Disorder, PDD-NOS, at Asperger's Disorder. Dahil ang DSM-5 ang kasalukuyang bersyon, ang paglalathalang ito ay tinatalakay ang pagkanararapat sa ilalim ng kategoryang "autism" ng Lanterman Act's category bilang "Autism Spectrum Disorder." Ito'y alinsunod sa kung ano ang sinasabi ng mga hukom sa mas bagong mga desisyon ng pagdinig.

Maaaring mayroon kang pagtatasa na nagsusuri sa iyo na mayroong isa sa dating mga katawagan mula sa DSM-IV-TR. Maaaring kailanganin mong kumuha ng bagong pagtatasa o linawin ng isang eksperto kung paano mo natutugunan ang pamantayan ng DSM-5 para sa ASD bagamang hindi mo natugunan ang pamantayan ng DSM-IV-TR para sa autistic disorder.

Tingnan ang <http://www.ddhealthinfo.org> para sa higit na impormasyon tungkol sa autism at iba pang kapansanan hinggil sa paglilinang.

Epilepsy

Ang Epilepsy ay isang neurological na kundisyon na lumilikha ng mga pag-atake (seizures). Nagaganap ang seizure kapag mayroon maikling de-koryenteng interupsyon sa utak at maaaring tumagal sa ilang segundo hanggang sa ilang minuto. Ang ilang seizure ay nareresulta sa isang maikling pagkaputol sa mga

pandamdang samatala ang ibay ay maaaring magresulta sa maikling panahon ng kawalag-malay. Marami pang impormasyon tungkol sa epilepsy ay maaaring matagpuan dito:

<http://www.ddhealthinfo.org>

<http://www.epilepsyfoundation.org>

5th na Kategoriya

Ang tao ay maaaring matuklasang mayroong kapansanan hinggil sa paglilinang sa ilalim ng batas ng California kahit ka wala siya ng isa sa apat na kundisyon na nakalista sa itaas (kapansanan na pangkaisipan, autism, cerebral palsy, o epilepsy). Ang isang tao ay maaaring karapat-dapat sa ilalim sa kung ano ang dumating para makilala bilang kateryong “5th” kung siya:

- Ay may kundisyon na “malapit na nauugnay” sa kapansanan na pangkaisipan; o
- Kinakailangan ng paggagamot “katulad sa” mga taong may kapansanan na pangkaisipan.

Hindi malinaw ang batas tungkol sa kung ano ang ibig sabihin ng “malapit na nauugnay” o “katulad sa” kapansanan na pangkaisipan. Gayunman, ang halimbawa ay maaaring isang tao na ang IQ ay napakataas para sa isang diyagnosis ng kapansanan na pangkaisipan, ngunit may malaki-laking kakulangan sa mga kasanayang pagbabagay na nareresulta sa kanyang pagganap tulad ng isang tao na may kapansanan na pangkaisipan. Gaya nang isinulat sa itaas sa seksyon ng “autism”, ang tao na may dating diyagnosis ng PDD-NOS ay maaaring maging karapat-dapat para sa mga serbisyo ng sentrong pangrehiyon sa ilalim ng alinman sa autism, naitinakda ang bagong diyagnosis ng ASD sa DSM-5, o sa ilalim ng 5th na [kategoriya](#).

Kasamang-Nagaganap na mga Isyu ng Kalusugan Hinggil sa Pag-iisip o mga Kapansanang Matuto

Ang ilang tao na may mga kapansanan hinggil sa paglilinang ay may kasamang-nagaganap na mga isyu ng kalusugan hinggil sa pag-iisip o kapansanang matuto. Ipinapahiwatig ng Seksyon 54000(c)(1) ng Title 17 ng California Code of Regulations na, para sa mga layunin ng pagkanararapat ng sentrong pangrehiyon, ang katawagang “kapansanan hinggil sa paglilinang” “ay hindi isasama ang kundisyong humahadlang” kung saan ay “saykatriko lamang.” Ipinapahiwatig ng Seksyon 54000(c)(2) na ang katawagan na “kapansanan hinggil sa paglilinang” ay hindi isasama ang mga kundisyon kung saan ay “matuto lamang na [mga kapansanan](#).”

Paalala: Kahit na mayroong isang aplikante na may kungisyong saykiyatriko o isang kapansanang matuto, hindi nito awtomatikong pagbabawalan ang kanyang pagkanararapat para sa mga serbisyo ng Sentrong Pangrehiyon. Kung hindi ka sigurado kung ano ang nagiging sanhi sa paghina—isang kundisyong saykayatriko, kapansanang matuto, o iba pa—humiling ng pagsusuri at pagpapasya ng Sentrong Pangrehiyon para sa isang kapansanan hinggil sa paglilinang. Ang mga sentrong pangrehiyon ay dapat magkaloob ng mga serbisyo sa mga gumagamit na may kapansanan hinggil sa paglilinang kahit na ang kapansanang iyon ay sinasamahan ng mga diperensyang saykayatriko o mga disperensyang matuto, o pareho.

Kabanata 3 – Pagpapatibay ng mga Diyagnosis ng Autism, Kapansanan na Pangkaisipan, o Pagkanararapat na Kategoryang 5th

Ginagawa ng mga psychologist ang kanilang mga diyagnosis ayon sa DSM-5 (ang naunang bersyon ay tinawag na DSM-IV-TR), ang pangkalahatang-tinatanggap na diyagnostikong manwal para sa psychology. Dahil magkaiba ang pamantayan ng pagkanararapat ng Lanterman Act sa pamantayan ng diyagnostiko ng DSM, kakailanganin mong ipamilyar ang iyong sarili sa pareho. Dapat kang matulungan ng iyong eksperto na maunawaan ang impormasyon ito nang mas detalyado. Dahil ang Cerebral Palsy at Epilepsy ay mga medikal na diyagnosis kung saan tumpak na magagawa ng mga medikal na doktor, magtutuon kami sa natitirang tatlong kategorya, kung saan ang lahat ay mapapabilang sa inexact science ng psychology.

Autism

Kapag gagamitin ang pamantayang diyagnostiko ng DSM-5 para sa Autism Spectrum Disorder (ASD), maaaring malaki-laking magkakaiba ang mga diyagnosis ng eksperto. Ang pagkakaiba-iba nito ay maaaring dumipende sa mga dahilan tulad sa background ng eksperto, ang pagpili sa hakbang ng pagsasa-pamantayan, at sa impormasyon na isinasaalang-alang ng eksperto. Hindi mo dapat subukan na maging isang eksperto sa pagsusuri ng ASD. Ang impormasyon ng ASD sa manwal na ito ay ipinagkakaloob bilang isang reperensya at hindi dapat palitan ang diyagnosis o opinyon ng isang ekspertong tagasuri at tagapagpasya. Kung gayon, dapat kang palaging sumangguni sa mga opinyon, paliwanag, at pagsusuri ng iyong eksperto.

DSM-5

Ang diyagnostikong pamantayan para sa diperensyang autism spectrum ng DSM-5 ay:

A. Mga iginigiit na kakulangan sa kamunikasyon sa kapwa at interaksyon sa kapwa sa maramin konteksto, gaya nang inihayag ng sumusund, sa kasalukuyan o ayon sa kasaysayan (dapat matugunan ang lahat nang 3 sintomas):

1. Mga kakulangan sa pagtutumbasan ng damdamin ng kapwa, na umaabot mula sa abnormal na pakikitungo sa kapwa at kabiguan ng normal na pabalik-balik na pag-uusap; para mabawasan ang pagbabahagi ng mga interes, emosyon, apekto; sa kabiguan na magpasimula o tumugon samga interaksyon sa kapwa.
2. Mga kakulangan sa hindi berbal na mga pag-uugali sa pagpaparating ng balita na ginagamit para sa mga interaksyon sa kapwa, na umaabot mula sa hindi magandang pinagsama-samang berbal at hindi berbal na komunikasyon,

hanggang sa mga abnormalidad sa pagtatama ng mata at galaw at kumpas ng katawan (body-language), o mga kakulangan sa pag-unawa at paggamit ng hindi berbal na komunikasyon, hanggang sa kakulangan ng mga ekspresyon sa mukha at hindi berbal na komunikasyon.

3. Mga kakulangan sa pagbuo, pagpapanatili, at pag-unawa sa mga relasyon, umaabot mula sa mga kahirapan sa pagwawasto ng pag-uugali para umakma sa sari-saring konteksto ng kanya hanggang sa mga kahirapan sa pamamahagi ng mapanlikhang laro o pakikipagkaibigan sa kawalan ng interes sa mga kapantay.

Tukuyin ang kasalukuyang kalalaan, batay sa mga kahinaan sa komunikasyon sa kapwa at nililimitahan, paulit-ulit na mga dibuho ng pag-uugali: Level 1 (paghingi ng suporta), Level 2 (paghingi ng substansyal na suporta), o Level 3 (paghingi nang labis na substansyal na supota)

B. Nililimitahan, paulit-ulit na pag-uugali, mga interes, o aktibidad (dapat matugunan ang 2 sa 4 na sintomas)

1. Stereotyped o paulit-ulit na mga paggalaw ng motor, paggamit ng mga bagay, o pananalita (hal., simpleng motor stereotypies, paglilinya ng mga laruan o pagbaligtad ng mga bagay, echolalia, idiosyncratic phrases)
2. Pagpipilit ng pagkakatulad, hindi nababaluktot na pagsang-ayon sa mga palagiang ginagawa, o isinaritwal ng mga dibuyo ng berbal o hindi berbal na pag-uugali (hal., sobrang nag-aalala sa maliliit na pagbabago, mga kahirapa sa mga pagbabago, mahigpit na mga dibuyo ng pag-iisip, mga ritwal sa pagbati, kailangang dumaan sa parehong ruta o kumain ng parehong pagkain araw-araw)
3. Labis na nililimitahan, mga nakatuon na interes na mga abnormal sa kasidhian o pagtuon (hal., matibay na pagkakakabit/hindi pagkatigil sa ginagawa sa mga hindi karaniwang bagay, sobra-sobrang magtakda o mga interes na nakapagpapanatili)
4. Hyper- o hypo-reactivity sa madaling maramdamang impormasyon o hindi karaniwang interes sa mga aspeto ng madaling maramdaman ng kapaligiran (hal., malinaw na pagkawalang paki sa sakit/temperatura, masamang pagtugon sa partikular na mga tunog o kayarian, sobra-sobrang pag-amoy o paghipo ng mga bagay, pagkabighani sa mga ilaw o galaw)

Tukuyin ang kasalukuyang kalalaan, batay sa mga kahinaan sa komunikasyon sa kapwa at nililimitahan, paulit-ulit na mga dibuho ng pag-uugali: Level 1 (paghingi ng suporta), Level 2 (paghingi ng substansyal na suporta), o Level 3 (paghingi nang labis na substansyal na supota)

- C. Dapat naroroon ang mga sintomas sa maagang kabataan (ngunit maaaring hindi maging ganap na mahalata hanggang sa bandang huli)
- D. Mga sintomas na makahulugan na pinapahina ang pang-araw-araw na pagganap
- E. Ang mga kaguluhan na ito ay mga hindi mas mainam na ipinaliwanag ayon sa kapansanan na pangkaisipan o global na pag-anatala hinggil sa paglilinang

Ipinapaliwanag ng pahina 51 ng DSM-5, “Mga indibidwal na may mabuting-pinagtibay na DSM-IV na diyagnosis ng autistic disorder, Asperger’s Disorder, o pervasive developmental disorder na kung hindi tinukoy ay dapat mabigyan ng diyagnosis ng autism spectrum disorder. Ang mga indibidwal na namarkahang mga kakulangan sa komunikasyon sa kapwa ngunit ang mga sintomas ay kung hindi natutugunan ang pamantayan para sa autism spectrum disorder ay dapat masuri at pagpasyahan para sa diperensyang komunikasyon sa kapwa.”

Mga pinakamainam na Kasanayan ng DDS (DDS Best Practices)

Nailathala ng DDS ang Autistic Spectrum Disorders: Best Practice Guidelines (Mga pinakamainam Patnubay ng Kasanayan) para sa Pag-screen, Diyagnosis at [Pagtatasa](#). Iminumungkahi ng mapagkukunan na ito ang mga sumusunod na bahagi ng isang pinakamainam na pagsuri at pagpapasya ng kasanayan: repaso ng rekord; medikal na pagsuri at pagpapasya; panayam sa magulang/caregiver; direktang pagsuri at pagpapasya sa pasyente (panayam, direktang obserbasyon); pagsuri at pagpapasyang psychological (pagtatasa ng kaalaman, pagtatasa ng pagbabagay sa pagganap, pagtatasa ng kalusugan hinggil sa pag-iisip); pagtatasa sa komunikasyon; pagsuri at pagpapasya ng kakayahan ng kapwa at pagganap; mga nililimitahang pag-uugali, mga interes at aktibidad; pagganap ng pamilya. Partikular, ang Best Practice Guidelines ay sinasabi na ang Autism Diagnostic Interview – Binagong (ADI-R) ay ang pinakamaasahang isina-pamantayang hakbang para makakuha ng maagang kasaysayan hinggil sa paglilinang ng mga autistic na pag-uugali. Ang ADI-R, kapag ipinagsama sa Autism Diagnostic Observation Schedule (“ADOS,” isa pang isina-pamantayang hakbang), ay lilikha nang 85% maaasahang [diyagnosis](#). Gayunman, sanhi sa available na mga mapagkukunan sa isang nagke-claim o ang kanyang lokal na sentrong pangrehiyon, ang mga gabay na ito ay hindi palaging nasusunod nang wasto.

May mangilan-ngilang karaniwang mga diyagnosis na saykayatriko kung saan naghahandog nang medyo kahawig sa autism spectrum disorder. Kabilang sa mga ito ang Obsessive-Compulsive Disorder, Childhood Schizophrenia, Oppositional Defiant Disorder, at Attention-Deficit/Hyperactivity Disorder (ADHD). Samantalang sinabi ng DSM-IV-TR na ang autism at ADHD ay mga hindi kabagay na diyagnosis (pahina 74),

hinihikayat ng DSM-5 ang pagsuri ng mga co-occurring disorder upang mas mainam na maipaliwanag ang tao at humantong sa posibleng karagdagang paggagamot.

Sa pagkilala ng naiiba sa pagitan ng mga kundisyon na ito, umaasa ang mga ALJ sa kredibilidad ng testimonya ng sumasalungat na eksperto, pati na rin sa mga pagkakaiba hinggil sa pag-uugali na karaniwang ipinapakita ng mga tao na may iba't ibang diyagnosis. Bilang halimbawa, ipinaliliwanag ng Best Practice Guidelines na ang indibidwal na may autism ay magagawang magtuon sa ilang aktibidad sa loob ng kanyang limitadong larangan ng interes, samatala ang isang indibidwal na may ADHD ay magkakaroon ng kahirapan sa pagtuon sa anumang aktibidad. Gayon din, ang indibidwal na may autism spectrum disorder ay hindi magtatangkang itago ang hindi angkop o mga agresibong pag-uugali, samantalang ang isang indibidwal na may Oppositional Defiant Disorder ay susubukang itago ang mga aksyon na nalalaman niya na mga [hindi tama](#). Sa isang desisyon ng pagdinig, bilang halimbawa, maaaring tandaan ng ALJ na ang isang Nagke-claim ay kinaiinisan ang kanyang sarili at naging malumbay dahil sa kanyang problema sa pagtulo ng laway at siya ay ino-ostracize. Tungkol dito, ang psychologist na tumitistigo bilang isang eksperto saksi para sa sentrong pangrehiyon ay maaaring ipagpalagay na ang isang autistic na tao ay hindi papansinin kung ano ang sinabi ng ibang tao o iniisip ang kanyang sarili. Sa halimbawang ito, ang ALJ na walang partikular na kaalaman sa psychology ay maaaring magawang sumuri ng ebidensya ng pag-uugali ng nagke-claim sa ilang maliwanag na pagkaunawa ng isang eksperto.

Kapansanan sa Pangkaisipan

Pagkanararapat sa kapansanan sa pangkaisipan ay maaring maging mahirap patunayan sa mga borderline na kaso dahil ang pagsusuri ay sumusunod sa mahigpit na mga pamantayan na itinakda sa DSM-5. Ang mga propeysonal ng sentrong pangrehiyon ay madalang magkamali sa paggamit sa mga pamantayang ito. Gayunman, kung kokonsulta ka sa isang malayang eksperto, kung gayon masasabi niya sa iyon kung mayroong pagkakamali sa pagsuri, analysis o mga resulta ng sentrong pangrehiyon.

Ang mahalagang tampok ng kapansanan sa pangkaisipan ay mga kakulangan sa karaniwang mga kapansanan hinggil sa pag-iisip (Criterion A) at panghihina sa pang-araw-araw na pagbabagay sa pagganap, kumpara sa mga taong kapantay na pareho sa edad, kasarian, at katuyang sociocultural (Criterion B) na may pagsisimula sa panahon ng hinggil sa paglilinig (Criterion C). DSM-5, pahina 37.

“Criterion A ay tumutukoy sa mga pangkaisipang pagganap na kinabibilangan ng pangangawitran, paglutas ng problema, pagpapalano, nasa-isipan na pag-iisip, pagpapasya, matuto mula sa tagubilin at karanasan, at praktikal na pagkakaunawa.”

DSM-5, pahina 37. Kadalasan itong sinusukat sa pamamagitan ng isang wastong pagsusuri ng kaalaman kung saan ay binibigyan ka ng marka sa intelligence quotient (IQ). Ang diyagnosis ng katamtamang kapansanan sa pangkaisipan ay kinakailangan na ang indibidwal ay magkaroon ng IQ na 50-55 hanggang sa malapit sa 70. Gayunman, mayroong mali sa pagsukat na humigit-kumulang 5 puntos sa pagtatasa ng IQ, kaya maaaring suriin ng mga eksperto ang kapansanan sa pangkaisipan sa isang tao na may IQ sa pagitan ng 70 at 75, kung nagpapakita siya ng malaki-laking kakulangan sa pagbabagay na pag-uugali. Sa kasanayan, lubhang bihira sa isang ALJ na matuklasan ang pagkanararapat sa kapansanan sa pangkaisipan kapag ang nagke-claim ay may IQ na 70-75. Ang mga desisyon ng OAH ay nahihilig na gumamit ng ganap na cutoff ng IQ sa 69 para sa kapansanan sa pangkaisipan, na nirereserba ang mga marka na 70-75 para sa pagkanararapat ng kategoryang 5th. Mula sa isang perspektibo ng pagtataguyod, ang nagke-claim na may IQ na 70-75 ay dapat tumutol na ang mali sa pagsukat ay kinabibilangan ng kanyang marka sa IQ sa loob nasasaklawan ng pagkanararapat sa kapansanan sa pangkaisipan. Gayunman, ang paraan na ito ay higit sa lahat ay naging hindi matagumpay sa ngayon.

Sinusukat ng Criterion B ang pagbabagay sa pagganap, o “kung gaanong kainim natutugunan ng isang tao ang mga pamantayan ng komunidad ng sariling kalayaan at responsibilidad sa kapwa, bilang paghahambing sa isa sa katulad na edad at background na sociocultural.” DSM-5, pahina 37. Tinatandaan ng DSM-5 na maaaring sukatin ng isa ang mga kakulangan sa pagbabagay sa pagganap mula sa klinikal na pagsuri at pagpapasya ng tao, pati na rin ang mga hakbang na isina-pamantayan na nakumpleto ng mga tao na kilala ang tao.

Ipinapaliwanag ng DSM-5 na kabilang sa pagbabagay sa pagganap ang pagbabagay sa pangangatwiran sa tatlong domain:

- 1) Nasa-isip(akademiko): Alaala, wika, pagbasa, pagsulat, pangangatwiran sa matematiko, pagkuha ng praktikal na kaalaman, paglutas ng problema, pagpapasya sa mga nobelang sitwasyon.
- 2) Kapwa: Kamalayan sa mga iniisip ng iba, mga damdamin, at mga karanasan, pakikiramay, mga kasanayan ng pagkakaibigan, mga kasanayan sa komunikasyon, pagpapasya sa kapwa.
- 3) Praktikal: Pag-aaral at sariling pangangasiwa sa ibayong mga kaligiran kabilang ang sariling pangangalaga, pagtatrabaho, pangangasiwa ng pera, libangan, pag-uugali, at organisasyon ng gawain.

Natutugunan ang Criterion B kapag, nasa direktang relasyon sa kahinaan sa pangkaisipan, mahina ang isang tao sa kahit isang domain, na sobra na kailangan nila ng patuloy na suporta para magsagawa nang husto sa isa o higit pang mga kaligiran ng buhay (eskuwela, trabaho, bahay, o komunidad). DSM-5, pahina 38.

Ang Criterion B ay isang larangan kung saan ang Association of Regional Center Agencies (ARCA) [Guidelines](#) ay mas makikitid kaysa sa pamantayan ng diyagnostiko ng DSM-5. Sa pagsukat sa pagbabagay sa pagganap, hindi isinasama ng Guidelines ang mga kakulangan na iyon na sanhi ng saykayatrikong [mga kundisyon](#). Sa kabilang banda, ang DSM-5, ay ipinapahiwatig na “Ang diyagnosis ng kapansanan sa pangkaisipan ay dapat gawin sa tuwing matutugunan ang Criteria A, B, at C. DSM-5, pahina 39. Dagdag pa, ang mga diperensya hinggil sa pag-iisip ay kapuwa nagaganap sa kapanasan sa pangkaisipan nang tatlo hanggang apat na beses na mas mataas kaysa sa pangkalahatang bayan. DSM-5, pahina 40. Yayamang madalas silang kapwa nagaganap sa kapansanan sa pangkaisipan, mahirap na hindi isama ang tao dahil sa kanila. Bagaman ang ARCA Guidelines ay tumutukoy sa pagkanarapat ng kategoryang 5th, ginagamit rin ng mga korte ang makitid na pamantayan na ito sa pagpapasya ng pagkanarapat ng kapansanan sa pangkaisipan.

Dapat itong tandaan na ang presensya ng mga kakulangan sa pagbabagay na pagganap na sanhi ng mga saykayatrikong kundisyon ay hindi kailangang nilalabag ang "Tanging" elemento. Ang elemento na iyon ay hindi isinasama ang mga diperensyang saykayatriko kung saan nagsimula ang kahanian sa pagganap bilang isang resulta ng diperensyang saykayatriko. Isang nagke-claim na ang mahinang pagbabagay ng pagganap ay ibayong pinahina ng mga kundisyong saykayatriko ay maaari pa rin sumapat sa "Tanging" elemento hangga't ang kanyang pinahinang pagganap ay hindi nagaling bilang resulta ng diperensyang saykayatriko. *Tingnan ang Samantha C. v. State Dept. of Developmental Services, 185 Cal. App. 4th 1462, 1493 (2010).*

Sa huli, gaano man, bihirang magbadya ng kahirapan ang Criterion B para sa isang kung hindi ay karapat-dapat na nagke-claim. Bagaman imposible ito para sa isang nagka-claim na sumapat sa Criterion A at hindi Criterion B, ang isang nagke-claim na may IQ na mababa sa 70 ay halos siguradong magpapakita ng mga kakulangan sa kahit dalawa sa mga larangan ng kasanayan na nakalista sa itaas. Bukod duon, sanhi sa maraming sumasanib sa pamantayan, ang isang nagke-claim na nasapatan ang Substantial Disability Element ay malamang na masasapatan rin ang Criterion B.

Ang Criterion C ay magkamukha sa Before Eighteen Element, at sa ganoon ay hindi nagbabadya ng dagdag na kahirapan para sa isang kung hindi ay karapat-dapat na nagke-claim.

5th na Kategoriya

Ang pagkanararapat ng Kategoriyang 5th ay isang legal na kategoriya, hindi isang medikal o psychological na diyagnosis. Bagaman, ang mga psychologist at iba pang eksperto ay maaaring magbigay ng mga opinyon, batay sa ebidensya, para makatulong patunayan ang pagkanararapat ng Kategoriyang 5th.

Ang Kategoriyang 5th ay may kasamang dalawang naiibang opsyon para sa pagkanararapat:

1. Mga kundisyong nakalulumpo na natuklasang malapit na nauugnay sa kapansanan sa pangkaisipan.
2. Mga kundisyong nakalulumpo na kailangan ng paggagamot katulad sa kinakailangan na iyon para sa mga indibidwal na may kapansanan sa pangkaisipan.

Dahil kailan lamang binago ang Lanterman Act para baguhin ang katawagan na “mental retardation” sa katawagan na “intellectual disability,” karamihan sa nakaraang pagdinig at mga desisyon ng korte ay ginagamit ang “mental retardation.”

Ang opsyon na “closely related” ay lumalapat sa mga kundisyon “sobrang katulad sa mental retardation,” na marami ay pareho, o malapit sa pareho, mga dahilan na kailangan sa pag-uuri ng tao bilang kakulangan sa kahustuhan ng pag-iisip.” Mason v. Office of Administrative Hearings, 89 Cal. App. 4th 1119, 1129 (2001). Sa kasanayan, kadalasan itoy nangangahulugan na mga marka ng IQ sa pagitan ng 70 at 75 na may mga marka ng pagbabagay ng pagganap sa hanay ng kapansanan sa pangkaisipan. Gayunman, kung ang mga marka ng IQ sa pagitan ng 70 at 75 ay mga nasa loob ng “margin of error” para sa kapansanan sa pangkaisipan, kung gayon ang mga tao na may mga marka ng IQ *higit* sa 75 ay maaaring maging karapat-dapat sa ilalim ng Kategoriyang 5th.

Ang opsyon na “similar treatment” ay lumalapat sa mga kundisyon kung saan *kinakailangan*, imbes na benepisyo lamang mula sa, paggagamot na kailangan para sa isang tao na may kapansanan sa pangkaisipan. (Ang mga marka na mababa sa karaniwang kaalaman at pagbabagay sa pagganap ay nakatutulong rin mapabuti ang pagkanararapat ng “similar treatment”.) “Treatment” ay tradisyunal nang naipakahulugang na mahigpit. Minumungkahi ng mga gabay ng sentrong pangrehiyon na ang mga tao na may kapansanan sa pangkaisipan ay kakailanganin ng paggagamt gaya nang pagsasanay para sa mga kasanayan imbes na motibasyon

lamang; pangmatagalang pagsasanay imbes na pangsandalian, pangremedyong pagsasanay; pagpapabuti imbes na pagpapanumbalik; pagsasanay sa pamamagitan ng mga hakbang na hinati sa maliit, mga yunit na buo-buo at hiwa-hiwalay na itinuro sa pamamagitan ng pag-uulit; at mga edukasyonal na suporta na may mga modipikasyon sa maraming larangan ng kasanayan.

Gayunman, ang isang kaso kamakailan lang sa California Court of Appeals ay nagmungkahi ng mas malawak na interpretasyon ng “treatment,” kabilang ang “tulong sa pagluluto, pampublikong sasakyan, pangangasiwa ng pera, pagsasanay na mapagpanumbalik at bokasyonal, pagsasanay ng mga kasanayang malayang pamumuhay, isinaepesyal na pagtuturo at mga paraan ng paglilintang ng kasanayan, at mga sinusupportang serbisyo ng pagtatrabaho.” Samantha C. v. State Dept. of Developmental Services, 185 Cal. App. 4th 1462, 1493 (2010). Makabuluhan na ituro sa iyong pagdinig na ito ang legal na pamantayan kung saan ay kasalukuyang lumalapat.

Tingnan ang apendise B para sa Gabay sa Pagtatasa kung saan ay maaaring ibigay sa isang malayang tagasuir at tagapagpasya para tukuyin kung ang isang tao ay may kapansanan hinggil sa paglilintang sa ilalim ng Lanterman Developmental Disabilities Services Act.

Tingnan ang “5th Category Eligibility Publication” sa aming website sa <http://www.disabilityrightsca.org/pubs/551001.pdf> para sa higit na impormasyon tungkol sa pagpapatibay sa pagkanararapat ng sentrong pangrehiyon sa ilalim ng Kategoryang 5th.

Chapter 4 – Ang Proseso ng Pagdinig

Sapat na Paunawa

May karapatan ka sa isang nakasulat na abiso ng aksyon (notice of action - NOA) kapag tinanggihan ng sentrong pangrehiyon ang iyong aplikasyon para sa mga serbisyo. Dapat sabihin sa iyo ng abiso ng sentrong pangrehiyon kung aling mga batas ang nagpapahintulot dito na gawin ang desisyon nito at ang mga katotohanan kung saan nito ibinabatay ang pagtatangi nito. Tutulungan ka ng impormasyong ito na magdesisyon kung mag-aapela ka, at tutulungan ka nitong maghanda para sa iyong pagdinig. Dapat sabihin ng paunawa na:

- ano ang gagawin ng sentrong panrehiyon
- bakit nila ginagawa ito
- kailan nila ginagawa ito
- ang batas, tuntunin, o patakaran na kini-claim ng sentrong panrehiyon na hinahayaang gawin nila ito
- papaano at kung saan magpa-file ng apela
- ang mga deadline sa pag-file ng apela
- impormasyon tungkol sa kung ano ang nangyayari sa proseso ng apela
- paanong repasuhin ang mga rekord ng iyong sentrong pangrehiyon,
- saan makakakuha ng tulong sa pagtataguyod.

Sa sandaling matanggap mo ang NOA, maaari kang mag-file ng pagdinig kung hindi ka sasang-ayon. Dapat kang mag-apela sa loob nang 30 araw mula nang natanggap mo ang NOA. Kung tatanggihan ka ng sentrong pangrehiyon ng mga serbisyo nang hindi ka binibigyan ng abiso, maaari ka pa ring mag-apela - hindi mo kailangan ng abiso para mag-apela. Punan lang ang Form ng Kahilingan ng Patas na Pagdinig (Fair Hearing Request Form), na matatagpuan sa <http://www.dds.ca.gov/Forms/FairHearing/DS1805.pdf>.

Paghain ng Pagdinig

Para maghain ng pagdinig, kumpletuhin at ibalik ang Fair Hearing Request Form na ipinadala sa iyo ng sentrong pangrehiyon kasama ng iyong NOA. Ipadala ang iyong kahilingang pagdinig sa iyong sentrong pangrehiyon. Kung hindi ka sigurado tungkol kung kanino ipadadala ito, ipadala ito sa iyong parehong sentrong pangrehiyon at sa Opisina ng Mga administratibong Pagdinig (Office of Administrative Hearings) sa

2349 Gateway Oaks Drive, Suite 200, Sacramento, CA 95833 o i-fax ito sa (916)
376-6318.

Hindi pormal na Pulong

Kapag naghain ka ng Fair Hearing Request Form, mayroong kang opsyon na pumili na magkaroon ng hindi pormal na pulong at/o pamamagitan sa sentrong pangrehiyon bago sa pagdinig. Ang hindi pormal na pulong ay ang unang hakbang sa proseso ng apela. Isa itong pulong sa pagitan mo (at ng iyong kinatawan, kung mayroon ka) at isang kinatawan ng sentrong pangrehiyon. Ang layunin ay upang maresolba ang isyu o kahit mabawasan ang mga isyu sa pagdinig. Ito ang iyong pagkakataon na makipagkita sa isang administrador ng sentrong panrehiyon at kausapin siya na gawin kang karapat-dapat para sa mga serbisyo ng sentrong pangrehiyon. Hindi mo kailangang lumahok sa isang impormal na pulong ngunit kung hihiling ka ng isa, dapat maglaan ng isa ang sentrong panrehiyon. Kasama ang Flow Chart ng Timeline ng Patas na Pagdinig bilang Apendise A.

Sa loob ng 5 araw na may pasok pagkaraan ng impormal na pulong, dapat kang padalhan ng direktor ng sentrong panrehiyon o ng taong tumatayo para sa direktor ng isang nakasulat na desisyon. Dapat tukuyin ng nakasulat na desisyon ang bawat isyu na iprinisinta sa impormal na pulong, magdesisyon sa bawat isyung natukoy, isaad ang mga katotohanan na sinusuportahan ang bawat desisyon, at tukuyin ang mga batas, regulasyon at mga patakaran kung saan ibinabatay ang desisyon. Dapat din nitong ipaliwanag kung papaanong i-apela ang desisyon.

Kung sasang-ayon ka sa impormal na desisyon, maaari mong bawiin ang iyong hiling para sa isang pagdinig sa pamamagitan ng pagkumpleto ng form na “Abiso ng Resolusyon” (“Notification of Resolution”) na ibinibigay ng sentrong panrehiyon. Magkakabisa ang desisyon 10 araw pagkatapos ng pagtanggap ng sentrong panrehiyon sa “Abiso ng Resolusyon.”

Kung hindi ka sasang-ayon sa hindi pormal na desisyon, ipahiwatig mo ang hindi pagsang-ayon sa pamamagitan ng pagpapatuloy sa naka-schedule na pamamagitan o pagdinig.

Pamamagitan

Kung hindi ka sasang-ayon sa hindi pormal na desisyon, o gusto ng isa pang pagkakataon para sa resolusyon, ang susunod na hakbang ay pamamagitan. Ikaw o ang sentrong pangrehiyon ay maaaring magdesisyong huwag makilahok sa pamamagitan. Marami sa sentrong pangrehiyon ang hindi lumalahok. Kung hihiling ka ng isang pagpapamagitan at tatanggihan ito ng sentrong panrehiyon, kung sa gayon ang susunod na hakbang ay isang makatarungang pagdinig.

Ang pagpapamagitan ay isang pulong kung saan ang isang independiyente, sinanay na tagapamagitan ay makikipagpulong sa iyo at isang kinatawan ng sentrong panrehiyon. Magaganap ito sa loob nang 30 araw ng iyong hiling para sa pagdinig. Susubukan ng tagapamagitan na makahanap ng magkaparehong opinyon at mga bagong solusyon. Ang tagapamagitan ay walang kapangyarihan na mamuwersa ng kasunduan. Kung hahantong kayo sa isang kasunduan, lalagda ka ng kasunduan at titigil ang proseso ng apela. Kung hindi kayo hahantong sa kasunduan, magpapatuloy kayo sa makatarungang pagdinig.

Dapat na sinserong isaalang-alang ng sinuman ang pagpapamagitan. Ang pagpapamagitan ay isang magandang ideya dahil binibigyan ka nito at ng sentrong panrehiyon ng isa pang pagkakataon na humantong sa isang kasunduan. Ang tagapamagitan ay independiyente, at susubukang tulungan ka na makahantong sa isang kasunduan. Gayon pa man, talagang tumatagal ito. Bukod pa diyan, walang mawawala sa iyo. Kahit na hindi umubra ang pamamagitan sa iyo, magkakaroon ka ng marami pang impormasyon tungkol sa kaso ng sentrong pangrehiyon. Maaaring makatulong ang impormasyong iyon sa iyong makatarungang pagdinig. Kung sa palagay mo'y wala nang pag-asa para sa isang kasunduan, maaari kang magpasyang na HUWAG magpamagitan (tinatawag na "waiving" mediation). Ngunit, karamihan sa mga tao na iniisip na wala nang pag-asa para sa kasunduan ay natatapos sa paghantong sa isang kasunduan sa pagpapamagitan. Kung hindi mo (o ng sentrong pang-rehiyon) gagamitin ang karapatan sa pagpapamagitan, siguruhing nakahanda ka para sa iyong pagdinig. Maaaring ma-iskedyul nang mas maaga ang iyong pagdinig kaysa kung humantong ka sa pagpapamagitan.

Mga mosyon

Ang mosyon ay isang kahilingan sa administrative law judge para gumawa ng desisyon tungkol sa isang isyu sa kaso sa harap ng pagdinig. Kasama sa mga halimbawa ng mga mosyon ay mga mosyon sa pagpawalang-saysay na ibinatay sa mga pinaiiiral na kautusan sa mga limitasyon o mga mosyon na mapawalang bisa ang mga subpoena.

Hindi lumalapat ang Administrative Procedure Act (APA) sa mga pagdinig ng sentrong pangrehiyon, ngunit ito'y isang nakatutulong na gabay hinggil sa pagtugon sa mga mosyon. Matatagpuan ang APA sa <http://www.dgs.ca.gov/oah/GeneralJurisdiction/APAHearings.aspx>.

Patras na Pagdinig

Ang panghuling hakbang sa proseso ng apela ay ang patas na pagdinig. Nagaganap ito sa loob ng 50 araw ng iyong hiling na pagdinig maliban lamang na

hihilingin ang isang pag-antala dahil sa makatwirang dahilan. Limang (5) araw ng kalendaryo bago sa pagdinig, ikaw at ang sentrong pangrehiyon ay dapat padalhan ang isa't isa ng inyong mga exhibit at isang listahan ng mga saksi. Tingnan ang Apendise E para sa isang sampol na exhibit at listahan ng saksi. Ginaganap ang pagdinig sa harap ng Administrative Law Judge (ALJ). Sa pagdinig, dapat munang iprisinta ng sentrong pangrehiyon ang kaso nito. Magpapalabas ang ALJ ng nakasulat na desisyon 10 araw pagkatapos ng pagdinig.

Pagpapatuloy (Pagpapaliban)

Maski ikaw o ang sentrong pangrehiyon ay maaaring humingi para sa petsa ng pagdinig o pamamagitan para mapalitan. Para ipagpaliban ang petsa ng pagdinig, maghain ka ng "Motion for Continuance of Hearing and Waiver of Time." Narito ang link sa form ng mosyon:

http://www.documents.dgs.ca.gov/oah/forms/DDS_RFC_Form.pdf

Ang form ay may espasyo kung saan ay kailangan mong ipaliwanag dahilan kung bakit mo kailangang ipagpatuloy ang pagdinig. Magkakaloob ang OAH ng pagpapatuloy kung ipinakikita ang "magandang dahilan". Maaari ka rin maglakip ng anumang dokumento na sinusupportahan ang iyong pangangailangan para sa isang pagpapatuloy.

Hihilingan ka rin ng form na tawagan ang kinatawan ng sentrong pangrehiyon at tanungin kung sasang-ayon siya na ipagpatuloy ang pagdinig. Sa nakalaang espasyo, dapat mong isulat ang pangalan at numero ng telepono ng tao na nakausap mo. Pagkatapos, piliin kung sumang-ayon ang tao o tinutulan ang pagpapatuloy ng pagdinig. Dapat mong tanungin ang kinatawan ng sentrong pangrehiyon para sa isang fax number o email address para ipadala ang nakumpletong form para lagdaan niya.

Dapat lagdaan ng Nagke-claim o Awtorisadong Kinatawan ng Nagke-claim ang seksyon na pinamagatang "Waiver of the Time Set by Law for Lanterman Act Fair Hearing and Decision." Upang mapagkalooban ng pagpapatuloy, dapat kang sumang-ayon na i-waive ang mga timeline ng pagdinig.

Tandaang i-fax o i-email ang form sa kinatawan ng sentrong pangrehiyon at hilingan siya na lumagda kung saan itinuturo. Sa sandaling makumpleto at malagdaan, dapat mong i-fax ang form sa isa sa sumusunod na mga fax number ng OAH, depende kung saan magaganap ang pagdinig:

OAH Sacramento: 916-376-6318

OAH Los Angeles: 916-376-6395

OAH San Diego: 916-376-6318

OAH Oakland: 916-376-6318

Kung wala kang sapat na oras para magpadala ng nakasulat na mosyon, maaari mong subukang tawagan ang OAH at humingi ng pagpapatuloy sa telepono. Pagkatapos mong ihain ang mosyon para ipagpatuloy ang pagdinig, maaari mong tingnan ang website ng OAH para malaman kung pinagkaloob na o hindi ang mosyon: <http://www.dgs.ca.gov/oah/GeneralJurisdiction/Continuances.aspx>

Kakailanganin mong ipasok ang case number ng OAH upang maisagawa ang paghahanap.

Mga tagasaling-wika

Kung kailangan mo o ng saksi ng interpreter ng senyas o wika, agad na kontakin ang OAH upang maipagkaloob ang isang sertipikadong interpreter nang walang bayad.

Kakayahang mapuntahan ang Lokasyon ng Pagdinig

Dapat na napupuntahan ng mga taong may kapansanan ang mga lokasyon ng pagdinig. Dapat mong alamin sa OAH nang maaga upang masiguro na mapupuntahan ito. Kung ang mga indibidwal na may mga kapansanan ay mangangailangan ng makatwirang akomodasyon upang dumalo sa pagdinig, kontakin ang OAH sa lalong madaling panahon upang maisagawa ang mga paghahanda.

Pagkuha ng Ibang Hukom (Judge)

Hindi lahat ng hukom ay magkakapareho at kailangan mong alamin ang tungkol sa iyong hukom bago sa pagdinig. Maaari kang makakuha ng ibang hukom kung ang isang nakatalaga sa iyo ay mayroong kasaysayan ng pagkamakiling o hindi makatarungang paghusga. Gagawin mo ito sa pamamagitan ng pagharap ng mosyon upang tanggihan ang hukom. Kasama sa Apendise C ang isang sampol ng mosyon para mag-alis ng karapatan.

Para humanap ng impormasyon tungkol sa hukom na nakatalaga sa iyong kaso, mag-log on sa website para sa OAH sa <http://www.dgs.ca.gov/oah/GeneralJurisdiction/Calendar.aspx> (kalendaryo ng pangkalahatang nasasakupan) at ipasok ang iyong kaso. Itatalaga ang hukom sa malapit na petsa ng pagdinig. Pagkatapos, pumunta sa link sa

<http://www.dgs.ca.gov/oah/DDS Hearings/DDS Decisions.aspx> at ipasok ang pangalan ng hukom. Makikita mo ang isang listahan ng mga kasong nadesisyunan ng hukom. Magbasa ng ilan sa mga kaso at tukuyin kung ito ang hukom na gusto mong magdesisyon sa iyong kaso. Kung hindi, mag-file ng mosyon upang tanggihan ang hukom. Ipadala lamang o i-fax ang mosyon upang tanggihan kasama ang iyong impormasyon sa OAH. Kung hindi ka makabalita sa OAH kung ipinagkaloob na ang bagong hukom, kung gayon ay tawagan ang OAH bago sa pagdinig para matukoy ang kinalabasan ng iyong hiling. Iginagawad ang hiling sa karaniwan.

Chapter 5 – Paghahanda sa Pagdinig

Pagtiyak ng Iyong Legal na Argumento

Ang iyong legal na argumento ay ang batas na inaasahan mo para pagtibayin ang pagkanararapat para sa mga serbisyo ng sentrong pangrehiyon at mga katotohan na sinusuportahan ang iyong claim. Upang maihanda ang iyong legal na argumento:

- Repasuhin ang batas kung saan lumalapat sa pagkanararapat ng sentrong pangrehiyon. Ang kaugnay na batas ay matatagpuan sa Apendise F.
- Maghanap at basahin ang dating mga desisyon ng Patas na Pagdinig sa sumusunod na link:

<http://www.dgs.ca.gov/oah/DDSHearings/DDSDecisions.aspx>.

Pagkolekta ng Ebidensya

Ang ebidensya ay binubuo ng mga katotohanan na sumusuporta sa iyong claim. Dapat mong likumin ang anumang nakasulat na ebidensya na sumusuporta sa iyong legal na argumento. Ang ilang halimbawa ng ebidensya ay maaaring maging mga umiiral na dokumento at ulat. Dapat ka rin tumingin sa iyong sariling personal na mga rekord. Maaaring gusto mo rin tanungin ang mga miyembro ng pamilya at sino pa man na malapit sa kaso para kilalanin ka at tulungan kang makakuha ng mga kopya ng bawat dokumento na maaaring magkaroon kahit na ang pinakamalayong kaugnayan. Para maging ganap, maaari kang humiling ng mga rekord mula sa mga paaralan, health provider, at mga ahensya ng gobyerno na maaaring mayroong impormasyon tungkol sa iyo. Dapat kang kumuha ng kopya ng bawat dokumento na maaaring mayroon kahit na ang pinakamalayong kaugnayan. *Huwag maghintay para humiling ng mga dokumento.* Ang pagkalap ng mga dokumento ay kadalasang tumatagal kaysa sa inaasam mo. Tutulungan ka nilang maunawaan kung anong karagdagang impormasyon ang kakailanganin mong makuha at kung saan maaaring lumabas ang mga problema sa kasong ito. Bashin ang bawat dokumento na mayroon ka. Maaari kang mag-umpisa para magpasya kung aling mga dokumento ang magiging mahalagang ebidensya, ngunit huwag itatapon ang iba pang dokumento. Kadalasan, hindi mo malalaman kung aling mga dokumento ay mahahalaga hanggang sa matingnan ng eksperto ang lahat ng bagay.

Karamihan sa impormasyon na kaugnay sas iyong kaso ay magiging sa anyo ng mga dokumento o report. Hilingan ang Sentrong Pangrehiyon para sa isang kopya ng file ng iyong kaso. Mayroon kang karapatang makita ang anumang rekord sa file ng iyong Sentrong Pangrehiyong, kabilang ang mga rekord na nakuha ng Sentrong Pangrehiyon mula sa mga labas na ahensya o indibidwal. Dapat kang bigyan ng

access ng Sentrong Pangrehiyon sa iyong mga rekord sa loob nang tatlong araw na may pasok pagkatapos ng nakasulat o pasalitang paghiling para makita ang mga [ito](#). Kung gusto mo, dapat ka rin tulungan ng Sentrong Pangrehiyon na maunawaan ang iyong mga rekord.

Maaaring gusto mong mag-subpoena ng ahensya para magbigay ng mga rekord saiyong pagdinig. Ang subpoena duces tecum ay pipilitin ang ahensya na dalhin ang mga rekord na mayroon sila at para patunayan sa korte na ang mga dokumento o rekord ay hindi pa nabago. Maaaring beripikahin ng ahensya ito sa pamamagitan ng pagdedeklara o sa pamamagitan ng direktang testimonya, kung hihingin mo.

Maaaring matagpuan ang isang form ng subpoena sa sumusunod na link:

<http://www.documents.dgs.ca.gov/oah/forms/oah1-subpoena.pdf#search=subpoena%20Form&view=FitH&pagemode=none>

Sa sandaling makuha mo ang iyong mga dokumento, gumuhit ng linya sa gitna ng isang piraso ng papel at ilista ang mga katotohanan at ebidensya na mayroon ka sa isang panig at mga katotohanan o ebidensya na mayroon ang sentrong pangrehiyon sa kabilang panig. Tutulungan ka nitong makita kung saan mo maaaring kailanganin ng ebidensya para salungatin ang ebidensya na mayroon ang sentrong pangrehiyon. Bukod sa mga dokumento na umiiral na, maaaring kailangan mong kumuha ng karagdagang dokumentaryong ebidensya para suportahan ang iyong kaso, tulad ng ulat ng pagtatasa ng isang eksperto.

Ano ang mga Pagtatasa?

Ang mga pagtatasa ay naghahandog ng pormal na paraan para sukatin at uriin ang mga katangian, abilidad, damdamin, mga sintomas, at iba pang mga kaganapang saykolohikal sa pamamagitan ng paggamit ng isi-pinamantayan na pagsusuri at mga aktibidad. Bilang karagdagan sa pagtatasa ng personalidad at emosyonal na pagganap, ang pagsusuri ay maaaring suriin at pagpasyahan ang pagganap ng utak sa mga larangan ng abilidad na pangkaisipan, memorya, wika, pagkaunawa, konsentrasyon at atensyon, at mga pagganap ng motor at pandama.

Ano ang Layunin ng isang Pagtatasa?

Ang pormal na pagtatasa, kadalasang kabilang ang pagsusuri, ay ginagamit para suiin o alisin ang sari-saring kundisyon. Ang mga pagtatasa ay nagbibigay ng mas malalim na pag-unawa sa mga isyu na hindi matatagpuan sa panahon ng palagiang ginagawang therapy o mga medikal na pagpapatingin. Tinutulungan rin ng mga ito na kilalanin ang mga kalakasan at kahinaan, magpabilis ng mga desisyon ng diyagnostiko, at tumulong sa pagpapalano ng paggagamot.

Bakit Mo Kailangan ng Pagtatasa para sa Pagkanarapat ng Sentrong Pangrehiyon?

Kailangan mo ng pagtatasa para patunayan na mayroon kang kapansanan hinggil sa paglilinang na magiging karapar-dapat ka para sa mga serbisyo ng sentrong pangrehiyon. Ang pagtatasa ay isang malaking bahagi ng iyong ebidensya. Dapat talakayin ng pagtatasa kung mayroon ka man o walang kapansanan hinggil sa paglilinang gamit ang legal na pamantayan, kabilang kung ang kapansanan ay isang “substantial disability,” at dapat tukuyin ang mga pagsusuri na ginagamit para gawin ang pagpapasya na iyon.

Ano ang Proseso ng Pagtatasa?

Maaaring kasama sa proseso ng pagtatasa ang repaso ng mga rekord, malawak na pagpapanayam sa iyo at iyong magulang o tagapag-alaga, ang mga obserbasyon ng mga tagapagtasa, konsultasyon sa iba pang propesyonal, sariling pinangangasiwaang mga katanungang pansarili, at pagsubok na harapan sa mga nilalayong pagsusuri. Pipili ang eksperto nang naaangkop na mga hakbang batay sa mga pinaghihinalaang problema na kasalukuyang tinatasa. Kabilang din sa pagtatasa ang pagsusulat ng ulat. Ang ulat ng pagtatasa ay dapat ideal na maglaman ng mga sumusunod na kategorya: ang pinaggalingan ng referral, impormasyon ng background (narepasong mga ulat, mga panayam, atbp.), mga obserbasyon hinggil sa pag-uugali sa panahon ng mga ibinibigay na pagsusuri, isang buod ng mga resulta ng pagsusuri (kabilang kapag naaangkop, pangkaisipan na pagganap, atensyon at konsentrasyon, pagkaunawa sa pandinig at sa salita, mga motor na abilidad, wika, memorya, kasalukuyang kalagayan ng damdamin). Dapat rin nitong isama ang mga impresyon ng diyagnostiko at, pinakamahalaga, isang seksyon na lahat pinagsasama-sama nito, na ipinapaliwanag kung bakit umabot sa mga kongklusyon ang psychologist na siya ay mayroon.

Sino ang Nagsasagawa ng mga Pagtatasa?

Napakainam na kasanayan na gumamit ng lisensyadong psychologist o neuropsychologist para magsagawa ng pagtatasa para sa mga layunin ng pagkanarapat ng sentrong pangrehiyon. Dapat mo ring siguraduhin na maaaring tumistigo ang eksperto tungkol sa mga resulta ng pagtatasa, dahil ang pagkakaroon ng ulat ng pagtatasa *at* testimonya ay ang pinakamainam na ebidensya na makukuha sa iyong pagdinig.

Paano Tatalakayin ng Pagtatasa ang Substantial Disability?

Upang matukoy ang “substantial disability” dapat talakayin ng pagtatasa kung may mga limitasyon sa tatlo o higit pa sa mga sumusunod na larangan ng pangunahing aktibidad ng buhay: wikang madaling maunawaan at mapagpahiwatig; pag-aaral; sariling pangangalaga; kadaliang kumilo; sariling direksyon; kapasidad para sa malayang pamumuhay at pangkabuhayan na sariling natutugunan ang pangangailangan. Dapat ilista ng pagtatasa ang bawat larangan ng substantial disability at pagkatapos ay ipaliwanag kung paano mo natutugunan ang bawat larangan na talaga mong natutugunan. Ito’y nakatutulong kung ang tagapagtasa ay maaari ring ilista ang nakalaan na ebidensya na ipinapakita kung paano mo natutugunan ang larangan ng substantial disability. Bilang halimbawa, para sa sariling direksyon, maaaring ilarawan ng tagapagtasa kung paano ka substansyal na may kapansanan sa larangan ng sariling direksyon at pagkatapos ay lista ang tatlong dokumento na nagpapamalas dito.

Anong mga Pagsusuri ang Ginagamit sa Panahon ng mga Pagtatasa?

May mangilan-ngilang iba’t ibang pagsusuri na maaaring gamitin para tukuyin ang pangkasipan na pagganap, pareho sa sinasabi at hindi sinasabi. May mga partikular ding pagsusuri para tumulong sa paggawa ng diyagnostiko ng isang Autism Spectrum Disorder (ASD). Dapat kang makipag-usap sa eksperto kung sino ang guamagawa sa pagtatasa tungkol sa kung aling mga pagsusuri ang kanilang ginagamit at kung bakit.

Paano kung ang Pagtatasa ay May Kasamang Impormasyon na Hindi Sinusuportahan ang Pagkanarapat?

Posible na magkakaroon ka ng impormasyon o mga resulta ng pagsusuri na mukhang hindi sinusuportahan ang pagkanarapat para sa sentrong pangrehiyon. Tinatawag itong nakasasamang ebidensya. Hindi mo dapat balewalain ang ebidensyang ito kung may-access ang sentrong pagrehiyon dito. Bilang panghalili, dapat kang komunsulta sa eksperto para magtanong tungkol sa nakasasamang ebidensya. Dapat mong hilingan ang eksperto na ipaliwanag kung paano masasaktan ng nakasasamang ebidensya ang kaso at kung sapat na makasasakit ito na hindi ka dapat pumunta sa pagdinig. Dapat mong tanungin ang eksperto kung ang ebidensya ay maaaring ipaliwanag sa isang paraan na hindi masasaktan ang kaso. Bilang halimbawa, mayroon bang ibang opinyon ang iyong eksperto tungkol sa nakasasamang impormasyon? Na-interpret ba sa maling paraan ang nakasasamang impormasyon ng ibang tagapagtasa? Kahit alin ba sa nakasasamang impormasyon ay hindi naaayon sa iba pang impormasyon na mayroon ka? Karamihan sa kaso ay mayroon ilang uri ng nakasasamang katotohanan. Gayunman, dapat mong asahan ang mga argumento ng sentrong

pangrehiyon tungkol sa mga nakasasamang katotohanan at pagkatapos ay gamitin ang iyong eksperto na pabulaanan ang mga iyon.

Tingnan ang Gabay sa Pagtatasa (Apendise B) para sa higit na detalye sa kung ano ang dapat isama ng eksperto sa kanilang pagtatasa para sa pagkanarapat ng sentrong pangrehiyon.

Mga sulat

Mga sulat mula sa mga propesyonal at iba pang tao na kilala mo na maaaring maging sobrang nakatutulong. Hindi bibigyan nang parehong kahalagahan ang mga sulat gaya nang sa mga sinasabing testimonya ng isang buhay na saksi, ngunit isasaalang-alang at tatanggapin sa mga administratibong pagdinig. Ang mga ito ay simple at deretsahang mga pamamaraan ng pagsuporta sa mga katotohanan na maaari mong pagtibayin sa pamamagitan ng testimonya. Maaaring magsangguni ang iyong eksperto at magpalabas ng mga kongklusyon mula sa kanila.

Mga saksi

Ang iyong mga saksi ang puso ng iyong kaso. Mahalaga ang mga dokumento, ngunit ang ilang kaso ay naipapanalo o natatalo dahil sa mga dokumentaryong ebidensya. Ang mga kasong ito ay nagagawing maging pinatatakbo ng eksperto. Ang ilang kaso ay naipapanalo sa puwersa lamang ng testimonya ng eksperto, ngunit wala ang maaaring ipanalo nang walang magandang testimonya ng eksperto. Tandaan, magkakaroon ang Sentrong Pangrehiyon ng ekspertong saksi na tetestigo na ikaw ay *hindi* karapat-dapat. Kung gayon kailangan mo ng eksperto na tetestigo na ikaw ay karapat-dapat. Ang kalidad ng testimonya na maaari mong makuha mula sa iyong eksperto ay magiging isang kritikal na dahilan sa kalalabasan ng iyong kaso. Gayunman, huwag maliitin ang halaga ng testimonya mula sa karaniwan o iba pang hindi ekspertong mga saksi. Ang kanilang testimonya ay nagbibigay ng kritikal na impormasyon na maaaring hindi alam ng iyong eksperto mula sa kanyang sariling obserbasyon. Maaari silang magbigay ng pagsunud-sunod ng mga kaganapan at magbigay ng praktikal na pananaw ng kung sino ka. Dahil ang mga "karaniwang" saksi ay kadalasang binibigyan nang kaunting konsiderasyon, nag-uumpisa kami sa kanila.

Mga karaniwang Saksi

Ang mga karaniwang saksi ay maaaring makahulugang mapabuti ang kaso na iyong ihaharap. Ang mga saksi ay ang isang bagay na mayroon ka na hindi makukuha ng Sentrong Pangrehiyon. Dahil ang mga karaniwang saksi ay tetestigo tungkol sa mga katotohanan na nalalaman nila tungkol sa iyo, isipin ang tungkol sa kung sino ang

nakakikilala sa iyo nang maigi. Ang mga miyembro ng pamilya ay kadalasang magandang pagpipilian, bilang kasalukuyan o dating mga guro o employer. Pumili ng mga karaniwang saksi na lalabas na magpapakitang naglalayon at walang kinikilingan sa ALJ. Ang mga kaso ay kadalasang makahulugang pinabubuti ng mga karaniwan at hindi ekspertong saksi na maaari mong iharap. Ang mga naturang saksi ay ang isang bagay na mayroon ka na hindi makukuha ng sentrong pangrehiyon. Kayong pareho ay magkakaroon ng mga eksperto ngunit ang iyong panig lang ang magkakaroon ng praktikal, down-to-earth na impormasyon at mga istorya na tanging karaniwang mga saksi na kilala kang mabuti ang maaaring magbigay. Kung gayon, isa sa mga katanungan na dapat mong itanong sa tao na nakakikilala sa iyo nang maigi, malamang isang magulang o iba pang miyembro ng pamilya, ay para ilista ang lahat ng potensyal na mga saksi parehong karaniwan at eksperto. Nakatutulong ito kung make-claim nila ang ilang antas ng pansariling kagustuhan, yan ay mga hindi kaibigan ng mga magulang. Gayunman, iyon ay hindi lubos na kinakailangan. Ang mga karaniwang saksi ay madalas na pinag-uukulan ng labis na kredibilidad ng mga ALJ. Ang paghanap sa mga naturang saksi ay kadalasang kinakailangan ng sigasig at posibleng magandang kapalaran. Ang pagsisikap ay lubos na makabuluhan

Ang testimonya ng karaniwang saksi ay maaaring gamitin ng iyong eksperto bilang batayan para sa kanyang opinyan at maaaring patotohanan ng iyong eksperto. Kung mahuhulaan ng mga resulta ng pagsusuri na dapat nahihirapan kang matuto ng mga bagong gawain o makatanda ng impormasyon, ang mga saksing kilala ka ay magagawang magbigay ng mga istorya na naglalarawan sa problemang ito. Mga istorya tungkol sa mga pagpupursigi na turuan ka ng mga praktikal na kasanayan, tulad ng kung paano magpaandar ng DVD player o mag-bake ng cake, at kadalasang ang pinaka-naipakikita. Makabibili ka ba at mauunawaan kung magkanong sukli ang inaasahan? Natatandaan mo ba kung saan nakaparada ang sasakyan sa mall o alam kung paanong ligtas na pumunta sa isang kalapit na tindahan? Ang trabaho ng iyong mga karaniwang saksi ay para magsabi ng mga istorya na ginagawa kang masigla, na nagpapamalas ng tunay na mga pagsisikap na mayroon ka sa mga gawain na nakikitang simple ng karamihan sa tao.

Ang ilang propesyonal, tulad ng mga guro, mga operator ng care home o mga tagapagsanay sa mga bokasyonal na programa, ay maaaring magsilbi bilang parehong eksperto at karaniwang mga saksi sa mga kasong ito. Hindi sila mga eksperto sa parehong diwa bilang isang lisensyadong psychologist, dahil hindi nila, bilang halimbawa, makapagbibigay ng opinyon hinggil sa iyong diyagnosis. Maaari silang magbigay ng labis na impormasyon hinggil sa mga pagbabagay na kasanayan, matuto ng mga katangian at pangangailangan. Sa katanungan ng “mga

pangangailangan sa paggagamot,” ang mga taong ito ay maaaring magbigay ng opinyon kung mayroon silang espesyal na karanasan, kadalubhasaan o pagsasanay sa pagtuturo ng mga bata o mga may sapat na gulang na may kapansanan sa pangkaisipan.

Mga ekspertong Saksi

Dapat kang kilalanin ng mga ekspertong saksi sa loob ng kanyang larangan ng kadalubhasaan. Ito ang larangan kung saan siya maaaring tumestigo tungkol sa kanyang mga opinyon, hindi lang mga katotohanan na nalalaman niya tungkol sa iyo. Bilang halimbawa, makikilala ka ng iyong espesyal na guro ng edukasyon mula sa mga kaligiran ng silid aralan, o ang isang psychologist ay makikilala ka kapag sinuri at pinagpasyahan ka niya. Kung namimili ka sa pagitan ng mga katulad na saksi, bilang halimbawa dalawang psychologist, isaalang-alang kung sino ang may mas higit na kadalubhasaan sa paksa ng iyong kaso, kung sino ang magpapakita nang mas kapani-paniwala sa pagdinig, at kung kaninong opinyo ang pinaka lubos na sumusuporta sa iyong argumento.

Ang saksi ay hindi kailangang magkaroon ng isang Ph.D. para maging isang eksperto. Ang eksperto ay simpleng isang tao na, dahil sa edukasyon, karanasan, o pagsasanay, ay may sapat na kadalubhasaan para tulungan ang hukom sa pag-unawa sa mga katotohanan ng kaso at pag-abot ng desisyon. Ang mga eksperto ay maaaring maghayag ng mga opinyon sa testimonya. Sa karaniwan, ang mga karaniwan saksi ay hindi - maaari lamang nilang ihatid ang mga katotohanan. Bilang halimbawa, ang regular na guro ng edukasyon ay maaaring magbigay ng opinyon tungkol sa gawi ng mga pangangailangan sa pag-aaral ng isang bata. Kung ang isang regular na guro ng edukasyon ay nagkaroon na ng mga batang may mga kapansanan sa pangkaisipan sa klase, maaaring magawa niyang magpahayag ng "ekspertong" opinyon tungkol sa kung kinakailangan ng bata ang ng katulad na mga pamamaraan sa pagtuturo sa isang bata na may kapansanan sa pangkaisipan. Ang espesyal na guro ng edukasyon, na maaaring mayroong karagdagang pagsasanay at karanasan, ay mas malamang na maaaring magawang magpahayag ng ekspertong opinyon sa isang kaso ng pagkanararapat kaysa isang karaniwang guro ng edukasyon. Iba pang tao na maaaring magawang magbigay ng “ekspertong” testimonya sa ilang aspeto ng iyong kaso ay kabilang ang mga psychologist, mangagamot, physical therapist, occupational therapist, speech therapist, tagapagpayo, propesyonal sa kalusugan hinggil sa pag-iisip, operator ng care home, mga trabahador ng In-Home Supportive Services (IHSS), mga kawani mula sa mga programa sa araw, at iba pa.

Karamihan sa ginagamit na mga eksperto sa mga kaso ng pagkanararapat ay magiging mga psychologist o psychiatrist. Ang psychology at psychiatry ay hindi mga eksaktong siyensa. Ayon sa nagbababalang pahayag sa DSM-5, pahina 25:

Kapag ang mga kategoryang DSM-5, pamantayan, at tekstuwal na mga paglalarawan ay inupahan para sa mga layuning forensic, mayroong panganib na ang impormasyon ng diyagnostiko ay magagamit sa maling paraan o hindi mauunawaan. Lumilitaw ang mga panganib na ito dahil sa hindi ganap na kahustuan sa pagitan ng mga katanungan ng pangunahing alalahanin sa batas at sa impormasyong nakapaloob sa isang klinikal na diyagnosis. Sa karamihan ng sitwasyon, ang klinikal na diyagnosis ng isang diperensya hinggil sa pag-iisip ng DSM-5...ay hindi ngangangahulugan na ang indibidwal na may naturang isang kundisyon ay natutugunan ang legal na pamantayan para sa presensya ng isang diperensya hinggil sa pag-iisip o tiniyak na legal na pamantayan...Para sa huli, kadalasang kailangan ang karagdagang impormasyon na lampas sa nilalaman sa diyagnosis sa DSM-5, na maaaring kasama ang impormasyon tungkol sa mga kahinaan sa pagganap ng indibidwal at kung paanong naapektuhan ng mga kahinaanang ito ang partikular na mga kakayahang kinukwestiyon.

Maaaring mahalaga sa isang partikular na kaso na paalalahanan ang ALJ na ang diyagnosis ay kadalasang bukas para pagtalunan. Ikaw, kahit papaano, kailangan itong isaisip. Madalas kang mahaharap sa testimonya ng dalawang eksperto na ganap na kumontra.

Isang eksperto, dahil sa espesyal na pagsasanay, kadalubhasaan at karanasan, ay pinapahintulutan na magpahayag ng opinyon sa loob ng larangan ng kanyang kadalubhasaan. Ang klinikal na psychologist ay maaaring maghandog ng opinyon na kung ang isang tao ay may kapansanan sa pangkaisipan, autism spectrum disorder, o isa lamang saykayatrikong kundisyon. Ang psychologist ay hindi pahihintulutang sumuri ng cerebral palsy - dahil iyon ay isang medikal na diyagnosis - sa halip, ang iyong eksperto ay kailangang maging isang medical doctor (MD). Ang opinyon ng eksperto ay mabibigyan nang humigit-kumulang na kahalagahan ng ALJ depende sa kanyang antas ng kadalubhasaan, kaalaman ng mga katotohanan at ilang hindi madaling unawain. Bilang halimbawa, ang mga medical doctor ay maaaring, teknikal, sumuri ng kapansanan sa pangkaisipan, ngunit ang karamihan ay walang malalalim na kaalaman o karanasan sa paggawa. Ang umasa sa isang MD bilang iyong pangunahing eksperto sa isang kapansanan sa pangkaisipan o kategoryang 5th na kaso ay malamang na hindi magiging matagumpay.

Ang opinyon ng eksperto ay kasing buti lang gaya sa pundasyon kung saan ito binuo. Ang pundasyon ay binubuo ng impormasyon na mayroon siya, na nagmumula sa pagrepaso ng mga uumiiral na dokumento, pagsasagawa ng mga panayam, at pangangasiwa ng mga pagsusuri. Ang iyong trabaho ay para siguraduhin na ang iyong eksperto ay nakita na lahat ng dokumento, nagkaroon ng access sa lahat ng tao na mahahanap mo na mayroong mahalagang impormasyon para ihatid at nagkaroon ng panahon at pagkakataon para pangasiwaan ang mga pagsusuri na pakiramdam niya'y kailangan. Wala nang mas nakapipinsala sa iyong kaso kaysa makumpronta ang iyong eksperto sa impormasyon, tulad ng dokumento na may hindi nakatutulong na mga pagbubunyag, sa unang pagkakataon sa cross examination. *[Practice tip: Maaaring may pag-uudyok na huwang ibigay ang masamang bagay. Labanan ito. Ang isang magaling na eksperto ay gagawin ang isa sa dalawang bagay sa hindi nakatutulong na mga katotohanan. Ipaliliwanag niya sa iyo kung bakit hindi naman pala masyadong masama ang mga katotohanan o sasang-ayon na ang mga iyon ay nakasisira sa iyong kaso at tutulungan kang magpasya kung may sapat na merito para magpatuloy o hindi.]*

Dapat kang umasa nang labis sa iyong eksperto para tiyakin kung paanong magpahayag ng partikular na kaso. Ang iyong inisyal na gawain ay magiging para ipaliwanag ang mga elemento ng isang kaso nang kasing linaw nang makakaya mo. Huwag umasa na nalalaman niya kung ano ang ibig sabihin ng "kapansanan hinggil sa paglilinang" sa California. Kailangan mong makasiguro na ang iyong eksperto ay mayroong eksaktong legal na kahulugan ng kapansanan hinggil sa paglilinang. Trabaho mo na ituon ang eksperto sa aspeto ng kaso na legal na nauugnay, at para hindi mag-aksaya ng panahon sa mga bagay na hindi. Sa pamamagitan ng legal na kahulugan ng kapansanan hinggil sa paglilinang na hawak niya, kung gayon ang iyong eksperto ay magiging mas mabuting magagawang tulungan ka na maunawaan ang mga *tunay* na aspeto ng kaso na mahalaga at iyong mga hindi.

Dahil ang mga kasyo na ito ay nahihilig na umasa sa mga opinyon ng eksperto at dahil ang mga kaso ng kategoryang 5th bilang partikular ay may malabong pamantayan na ayon sa batas, ang kredibilidad ng iyong eksperto ay kritikal. Kailangan mong maging napakaingat para ipahayag ang iyong testimonya tungkol sa pagsasanay, mga kredensyal at karanasan ng iyong eksperto sa pangkalahatan at ang impormasyon na ginagamit niya para bumuo ng opinyon sa ganitong kaso. Isang opinyon, na lumalabas na kapani-paniwala at nang walang anumang pundasyon, ay hindi nakahihikayat

Huwag matakot na tanungin ang iyong eksperto ng mga mapaghamong katanungan. Ang kabilang panig ay hindi. Humingi ng awotoridad, kabilang ang mga reperensya sa mga arikulo ng talaarawan na sinusupportahan ang mahalagang punto.

Subukan ito para makasiguro na maipiprisinta ito. Kapag nagbigay siya ng opinyon sa kanyang testimonya, tanungin siya para sa batayan ng kanyang opinyon.

Karamihan sa mga eksperto ay mga hindi eksperyensado gaya ng mga saksi. Mayroon silang makabuluhang klinikal na kadalubhasaan ngunit maaaring hindi pamilyar na mahamon sa isang nakakasamang kapaligiran. Maaari rin silang hindi maging komportable o nakahanda para sa isang sitwasyon kung saan ang lahat ng bagay na kanilang sinasabi, at tiyak ang bawat ekspresyon ng pagdududa o kalabuan, ay maaaring magamit laban sa kanila. Karamihan sa mga psychologist at doktor ay mas pamilyar sa isang mas matapat na klinikal na kapaligiran kung saan maaari silang magsaliksik ng mga opinyon at kuwestiyunin ang kanilang mga sariling kongklusyon. Kung hindi sanay ang iyong eksperto, maging sigurado na nauunawaan niya na ang testimonya ay dapat maipahayag nang malinaw at tahasan kapag lahat ay posible. Gayon pa man, dapag maging handa ang iyong eksperto na ipahayag ang mga kahinaan sa kanyang opinyon kapag kinuwestiyon. Asahan ang mga iyon na magagawa mo at magsasaalang-alang ng tugon nang antimano. Kung mayroon lehitimong katanungang itinaas, kadalasan itong pinakamabuti na hindi maging mapagtanggol ngunit tanggapin ito at pagkatapos ay ipaliwanag kung bakit hindi nagbabago ang pangunahing kongklusyon.

Paghahanda ng mga Saksi

Kung ano ang ipinapahayag ng saksi ay tinatawag din na ebidensya. Ang ilang mga saksi ay kailangang mai-subpoena. Ang ibig sabihin nito ay inilabas ang legal na utos na inaatasan sila na dumalo sa pagdinig upang tumestigo. Dapat mong i-subpoena ang mga saksi at hilingan ang mga saksi na tumestigo sa oras na makakuha ka ng petsa ng pagdinig para maging handa ang mga tao. Maaaring matagpuan ang isang form ng subpoena sa sumusunod na link:

<http://www.documents.dgs.ca.gov/oah/forms/oah1-subpoena.pdf#search=Subpoena%20Form&view=FitH&pagemode=none>.

Ang iyong mga saksi, bilang partikular ang iyong ekspertong mga saksi, ay talagang tutulong ihanda ka sa ilang hangganan. Sa sandaling matukoy mo kung sino ang magiging iyong mga saksi, kung posible, magplano nang kahit dalawang sesyon sa bawat isang saksi. Bago sa unang pakikipagkita sa isang eksperto, bigyan ang eksperto ng mga kopya ng lahat ng impormasyon na maaaring maging may kaugnayan sa kanyang ekspertong opinyon. Kung makikipagkita ka sa isang eksperto tulad ng psychologist, na karapat-dapat na gumawa ng diyagnosis, bigyan siya ng kopya ng pamantayan ng pagkanararapat ng Lanterman Act. Ang mga pamantayan na ito ay mga legal na kategorya, para paiba sila sa pamantayan na karaniwang gagamitin ng eksperto para gawin ang kanyang diyagnosis. Huwag

magkakait ng impormasyon sa yong eksperto dahil lamang hindi mo iniisip na susuportahan nito ang iyong argumento. Kung hindi nakita ng eksperto ang lahat ng may kaugnayan impormasyon, ang kanyang testimonya sa pagdinig ay magiging hindi kapani-paniwala.

Tratuhin ang unang sesyon tulad ng panayam. Gusto mong malaman hangga't maaari ang tungkol sa opinyon ng mga saksi, sinusupportahan man nito o hindi ang iyong argumento. Dapat magsalita nang mas marami ang saksi kaysa sa iyo. Kung makikipagkita ka sa isang eksperto na karapt-dapat para gumawa ng mga diyagnosis, alamin ang kanyang opinyon tungkol sa lahat ng pagsusuri at pagpapasya at mga pagtatasa mo. Kung makikipagkita ka sa isang karaniwang saksi, alamin kung ano ang kanyang natatandaan tungkol sa iyong kasaysayan, mga pag-uugali, abilidad, at mga kahirapan. Maaaring gusto mong tanungin ang iyong mga karaniwang saksi na magpapakita kung ang tunay na mga obserbasyon na pinagsasaligan ng iyong mga pagsuri at pagpapasya at mga pagtatasa ay totoo. Ang impormasyon mula sa iyong mga saksi ay magbibigay ng batayan para sa iyong kaso – mabibigyan mo ng diin ang mga kalakasan at paliliitin ang mga kahinaan ng iyong argumento, at gagawin ang kabaligtaran para sa argumento ng Sentrong Pangrehiyon.

Sa pagitan ng mga sesyon sa iyong mga saksi, repasuhin kung ano ang nasabi nila sa iyo.

Isipin ang tungkol sa kung ano ang gusto ng ALJ na malaman sa testimonya ng iyong mga saksi.

Dapat kang maghanda ng mga katungan para sa iyong mga saksi nang maaga. Repasuhin ang mga katanungang ito kasama ang mga saksi upang makasiguro na naiintindihan ng mga saksi kung anong impormasyon ang sinusubukan mong makuha at ang sagot ay nakatutulong sa iyo. Kung ang kasagutan ng saksi ay hindi nakatutulong sa iyo, kung gayon ay huwag itanong ang katanungan sa pagdinig.

Magtabi ng ilang bagay sa isip para ang iyong pagtatanong ay susunod sa mga tuntunin ng korte: magsimula sa pangkalahatang katanugnan na matutulungan ang ALJ na maunawaan ang iyong susunod, mas partikular na mga katanungan; magtanong lamang sa loob ng direktang kaalaman at larangan ng kadalubhasaan ng iyong saksi; magtanong nang paisa-isa; magtanong lamang ng mga katanungan na kaugnay sa pamantayan ng pagkanararapat na sinusubukan mong patunayan. Para sa mga eksperto, magplanong magtanong ng ilang katanungan sa umpisa ng iyong direktang eksaminasyon para maipamalas ang ekspertong kasanayan, mga

kredensyal, karanasan, at ang impormasyon na ginagamit niya para makabuo ng opinyon tungkol sa iyong kaso.

Sa iyong pangalawang sesyon sa iyong mga saksi, maaari mong subukan ang iyong mga katanungan para malaman kung sasagot ang mga saksi sa paraan na inaasahan mo at sa paraan na una silang sumagot. Upang pinakamainam na maipahayag ang iyong argumento, maaaring kailangan mong baguhin kung paano kang magtanong ng ilang katanungan. Gayunman, dapat mong sabihin ang mga saksi na ang mga katanungan at kasagutan ay hindi isang script. Sa halip, ang iyong mga katanungan ay dapat maging nakadiseno para ang likas at matapat na mga tugon ng iyong mga saksi ay magiging impormasyon na kailangan mong palabasin sa pagdinig. Isaalang-alang ang mga mahinang punto ng testimonya ng iyong mga saksi at ipaliwanag sa iyong mga saksi na babanggitin ng Sentrong Pangrehiyon ang mga isyu na ito sa panahon ng cross-examination. Makipag-usap sa iyong mga saksi para humanap ng paraan para masagot nuila ang mga katanungang ito nang matapat habang nakagagawa nang napakaliit na pinsala sa iyong kaso. Kung kumplikado ang testimonya ng mga saksi o kung makakuha ka ng mga kasagutan na masyadong naiiba sa iyong inaasahan, maaring kailangan mong gumawa ng ikatlong sesyon.

Ang huling sesyon sa paghahanda ng saksi ay pinakamainam na gawin sa pagitan nang lima at sampung araw bago ang pagdinig. Bibigyan ka nito ng sapat na panahon para ayusin ang anumang problema, ngunit hindi ito sobrang maaga na makakalimutan ng mga saksi ang mga puntong sasaklawan sa panahon ng testimonya. Sa panahon ng pagdinig, hindi ka dapat magtanong ng mga katanungan kung saan ay hindi mo alam ang kasagutan, ngunit maaari kang magtanong mga follow-up na katangunganan para pabutihin ang mga kasagutan na nakukuha sa iyong mga eksperto.

Dapat ka rin maghanda para tumestigo, dahil ikaw ang pinakamainam na saksi para sa iyo, iyong anak, o sinuman na tinutulungan mo. Maging handang pag-usapan ang tungkol sa paglilinang ng iyong kasaysayan at para magbigay ng mga halimbawa kung bakit natutugunan ng kapansanan ang kahulugan ng “substantial disability” gaya nang tinalakay bago sa pahina 6.

Dapat ka rin bumuo ng mga katanungan ng cross-examination para sa mga saksi na naniniwala ka na tatawagin ng Sentrong Pangrehiyon. Gugustuhin mong magtanong ng mga serye ng maliliit na katungnan na nagbibigay diin sa mga kahinaan sa argumento ng Sentrong Pangrehiyon. Samantalang ang iyong eksperto ay maaari rin tumestigo tungkol sa mga kahinaanang ito, ito’y mas kapanipaniwala para sa ALJ para marinig na umamin ang mga sariling eksperto ng Sentrong Pangrehiyon sa mga

kahinaan. Ito rin ay magiging mabisa para sa mga eksperto ng Sentrong Pangrehiyon na sumagot sa mga katanungan kung binibigyang diin ang mga kalakasan ng iyong argumento. Sa panghuli, maaari kang magtanong ng mga katanungan kung saan gagawing mukhang hindi gaanong kapani-paniwala ang mga eksperto ng Sentrong Pangrehiyon. Itanong lamang ang mga katanungang ito kung mayroon kang magandang dahilan para paniwalaan na ang Sentrong Pangrehiyon ay hindi magkakarong ng magandang kasagutan. Bilang halimbawa, ang ilang saksi ng Sentrong Pangrehiyon ay tetestigo batay sa mga rekord at hindi ka pa nakilala o ang iyong anak kailan man. Maaari mong itanong, "Ni hindi mo pa ako nakikilala, tama?" O, "Hindi mo panga nakikilala ang aking anak, kilala mo ba?" Tandaang magtanong ng mga partikular na katanungan, para kung sasagot ng "Oo ang Sentrong Pangrehiyon, ngunit . . ." maaari mong hilingan ang tagahukom na balewalain ang natitira sa kasagutan dahil hindi ito direktang tumutugon sa iyong orihinal na katanungan.

Pagsusumite ng Saksi at Listahan ng Eksibit

Kahit *5 araw ng kalendaryo* bago ang pagdinig, ikaw at ang sentrong pangrehiyon ay dapat magpalitan ng mga listahan ng mga posibleng saksi at mga kopya ng mga dokumento na maaari mong iprisinta sa pagdinig. Nangangahulugan iyon na ikaw at ang sentrong pangrehiyon ay dapat matanggap ang mga dokumento at listahan 5 araw bago sa pagdinig. Dapat magsama ng maikling pahayag ang listahan ng mga saksi na nagsasabi kung ano ang itetestigo ng bawat saksi. Kasama sa Sampol ng Listahan ng Saksi at Exhibit sa Apendise E. Maaaring mapigilan ng ALJ ang panimula ng anumang dokumento at testimonya ng sinumang saksi na hindi ibinunyag nang 5 araw ng kalendaryo bago ang pagdinig.

Chapter 6 – Sa panahon at Pagkatapos ng Pagdinig

Dumating sa pagdinig na may maraming oras na ilalaan. Ang pagdinig ay maaaring maging isang mahabang proseso, kaya maaaring gusto mong magdala ng tubig, mga miryenda, o kahit tanghalian. Magdala ng panulat at papel para isulat ang iyong mga obserbasyon sa mga paglilitis.

Mga pambungad na Pahayag

Ang pambungad na pahayag ay dapat may kasamang isang paglalarawan ng kung ano ang hinihingi mo at kung bakit, pati na rin ang batas na sumusuporta sa iyo.

Dapat kang magbigay ng pambungad na pahayag. Hindi sapilitan ang isang pambungad na pahayag, ngunit makatutulong itong ipaliwanag sa hukom tungkol sa kung ano ang pagdinig. Maging tiyak para mailarawan ang iyong sarili (o ang iyong anak) sa ALJ para maunawaan niya kung ano ang kailangan mo (o ang mga pangangailangan ng iyong anak). Dapat na maikli ang iyong pambungad na pahayag. Una munang magbibigay ang sentrong pangrehiyon ng pambungad na pahayag.

Pagtatanong sa mga Saksi

Mga saksi ng Sentrong Pangrehiyon

Una munang ipiprisinta ng sentrong pangrehiyon ang mga saksi nito. Maaari mong tanungin ng mga katanungan ang saksi ng sentrong pangrehiyon (tinatawag itong "cross examination"). Ang mga magandang katanungan ay magdudulot ng mga kasagutan na magpapakita na hindi nauunawaan ng saksi ang isang bagay o hindi natatandaan ang mga katotohanan. Maaari ka rin magtanong ng mga katanungan para ipakita na may kinikilingan ang saksi, binabago ang sinabi niya noong una o maaaring hindi nagsasabi ng katotohanan.

Makinig sa testimonya ng mga saksi sa panahon ng direktang eksaminasyon ng Sentrong Pangrehiyon – maaari kang makapansin ng kahinaan na nababanggit pagkatapos sa panahon ng iyong cross-examination. Kung hindi, dapat kang magpatuloy sa pagtatanong ng mga katanungan ng cross-examination na iyong inihanda bago sa pagdinig. Hindi magandang ideya na magtanong ng katanungan kung saan hindi mo pa alam ang kasagutan, maliban lang kung sa palagay mo na ang malamang na kasagutan ay labis na mabebenepisyuhan ang iyong argumento.

Ang Iyong Mga Saksi

Magkakaroon ka ng pagkakataon na tanungin ang iyong mga saksi ng mga katanungan (tinatawag na direct-examination). Dapat lamang silang magsalita tungkol sa mga bagay na sila mismo ang gumawa, nakakita o nakarinig. Dapat ka lamang magtanong nang maikli, simple, malinaw na mga katanungan.

Bilang karagdagan sa pagpahayag ng iyong pangunahing argumento, maaari mong tanungin ng mga katanungan ang iyong mga saksi para pabulaanan ang mga bagay na maaaring nasabi ng mga saksi ng Sentrong Pangrehiyon. Kung hindi, dapat kang magpatuloy sa pagtatanong ng mga katanungan na iyong hinanda bago ang pagdinig. Maging malaya na magtanong ng mga follow-up na katanungan kung hindi malinaw ang kasagutan ng iyong mga saksi. Kapag kinukuwestiyon ang isang ekspertong saksi, siguraduhin na ireperensya ang ebidensya tungkol sa kung alin ang tinetetiguhan ng saksi, at bigyan ng panahon ang ALJ para mahanap ang ebidensya sa iyong pakete.

Magkakaroon ng pagkakataon ang Sentrong Pangrehiyon na i-cross examine ang iyong mga saksi. Maaari rin magtanong ang ALJ ng mga katungang sa sinumang saksi. Pagkatapos ma-cross-examine ng Sentrong Pangrehiyon ang iyong mga saksi, magkakaroon ka ng pagkakataon na gumawa ng re-direct examination. Sa puntong ito, maaari mong palinawin sa iyong saksi o sabihin sa ibang paraan ang anumang bagay na negatibo na maaaring lumitaw sa panahon ng cross-examination.

Maikling Pagtatapos ng mga Pahayag/Nakasulat na Pagtatapos

Habang sumasailalim ka sa pagdinig, maaaring mapagtanto mo na wala sa hukom ang lahat ng impormasyon upang magsagawa ng tumpak na desisyon. Kung gayon, maaari mong hilingan ang hukom na "keep the record open." Hindi kailangan ng hukom na bigyan ka ng pahintulot na gawin ito. Gayon man kung pahihintulutan ng hukom na panatilihin nakabukas ang rekord, pahihintulutan ka nitong bigyan ang hukom ng mas maraming dokumento at impormasyon pagkatapos ng pagdinig.

Karaniwang manghihingi ang ALJ ng isang pantapos na pahayag para ibigay ang buod ng nakalap na ebidensya. Maganda itong pagkakataon para ulitin ang buod kung ano ang ipinahayag sa pagdinig at muling ihayag ang iyong posisyon na karapat-dapat ka na gawing karapat-dapat para sa mga serbisyo ng sentrong pangrehiyon. Paminsan-minsan, sasang-ayon ang parehong panig na gumawa ng maikling nakasulat na pagtatapos imbes na sinasabing pagtatapos na pahayag. Pahihintulutan ka ng opsyon na ito na pag-isipan ang tungkol sa lahat ng testimonya mula sa pagdinig bago mo ibuod ang iyong argumento. Ang isang maikling nakasulat na pagtatapos ay dapat ibigay ang impormasyon at mga katotohanan na iyong naiprisinta at ipaliwanag ang batas na sumusuporta sa iyong kaso. Sa iyong

maikling pagsasara, maaari mong isama ang anumang karagdagang ebidensya na pinapahintulutan ng ALJ pagkatapos ng pagdinig kung ang rekord ay pinanatiling nakabukas.

Pagkatapos ng Pagdinig

Pagkatapos ng iyong pagdinig, mayroon ang ALJ nang 10 araw para gumawa ng desisyon, maliban lang kung iniatras mo ang timeline sa pamamagitan ng isang pagpapatuloy (pagpapaliban). Ang desisyon ay dapat maisagawa nang hindi lalampas sa 80 araw pagkatapos mong hilingin ang iyong apela. Ang desisyon ng ALJ's ay dapat na:

- Nakasulat sa simple, pang-araw-araw na wika
- Kasama ang isang buod ng mga katotohanan
- Kasama ang isang pahayag tungkol sa ebidensya na ginamit ng ALJ upang magsagawa ng desisyon
- Kasama ang isang desisyon sa bawat isyu o katanungan na nasa hiling na pagdinig at naiprisinta sa panahon ng pagdinig
- Ipinahihiwatig ang mga batas, regulasyon at patakaran na sinusupportahan ang desisyon ng ALJ.

SEKSYON 2: Mga apendise

Apendise A - Flow Charts ng Timeline ng Patas na Pagdinig

Apendise B - Gabay sa Pagtatasa

Apendise C - Sampol ng Kahilingan para Magpalit ng Mga hukom

Apendise D - Sampol ng Listahan ng Mga saksi at Exhibit

Apendise E - Regional Center Eligibility Law (Batas ng Pagkanararapat ng Sentrong Pangrehiyon [statutes and regulations])

Apendise A: FLOW CHART NG PATAS NA PAGDINIG

Humiling ng Patas na Pagdinig kung: (1) nagpasya ang sentrong pangrehiyon, nang wala ang iyong kasunduan, na putulin, bawasan, o magbago ng serbisyo o suporta sa iyong IPP; (2) humiling ka ng serbisyo o suporta at tinanggihan ng sentrong pangrehiyon ang iyong kahilingan; (3) naabisuhan ka na ikaw ay hindi karapat-dapat o hindi na karapat-dapat para sa mga serbisyo ng sentrong pangrehiyon.

Katanungan 1: Ikaw ba ay kasalukuyang tumatanggap ng serbisyo o suporta na gustong sentrong pangrehiyon na, putulin, bawasan, o baguhin?

OO > Ihain ang iyong kahilingan para sa pagdinig sa loob nang 10 araw ng petsa nang natanggap mo ang abiso at ang iyong serbisyo o suporta ay magpapatuloy hanggang mayroong isang panghuling administratibong desisyon . PUMUNTA SA Katanungan 2

HINDI > Dapat mong ihain ang iyong kahilingan para sa pagdinig sa loob nang 30 araw ng pagkakaabiso ng sentrong pangrehiyon . PUMUNTA SA Katanungan 2

Katanungan 2: Gusto mo bang magkaroon ng opsyonal na hindi pormal na pulong?

OO > Ang hindi pormal na pulong ay dapat ganapin sa loob nang 10 araw ng pagkakatanggap ng sentrong pangrehiyon ang iyong kahilingan para sa isang pagdinig, maliban lang kung sasang-ayon ka sa mas mahabang oras.

Dapat kang makatanggap ng nakasulat na desisyon mula sa sentrong pangrehiyon sa loob nang 5 araw ng hindi pormal na pulong. PUMUNTA SA Katanungan 3

HINDI > PUMUNTA SA Katanungan 4 hinggil sa opsyonal na paggamot.

Katanungan 3: Nasisiyahan ka ba sa desisyon ng sentrong pangrehiyon?

OO > Sabihin sa sentrong pangrehiyon na binabawi mo ang iyong kahilingan para sa Patas na Pagdinig. Ang mga serbisyo na napagkasunduan sa desisyon ng iyong hindi pormal na pulong ay mag-uumpisa sa loob nang 10 araw ng pagkakatanggap ng iyong pagbawi. HUWAG NANG LUMAYO.

HINDI > PUMUNTA SA Katanungan 4 hinggil sa opsyonal na paggamot.

Katanungan 4: Gusto mo bang magkaroon ng opsyonal na pamamagitan?

OO > Tumatanggap ba ang sentrong pangrehiyon ng pamamagitan? Dapat

nilang tanggapin ang pamamagitan sa loob nang 5 araw.

Kung tatanggap ang sentrong pangrehiyon ng, pamamagitan ay gaganapin sa loob nang 30 araw sa pagkakatanggap ng sentrong pangrehiyon ang iyong kahilingan para sa isang pagdinig, maliban lang kung sasang-ayon ka sa mas matagal na panahon. PUMUNTA SA Katanungan 5

Kung HINDI tatanggap ang sentrong pagdinig ng pamamagitan sa loob nang 5 araw, magpapatuloy ang iyong kaso sa Patas na Pagdinig. PUMUNTA SA Katanungan 6

HINDI > Maaari kang magpatuloy sa isang Patas na Pagdinig. PUMUNTA SA Katanungan 6

Katanungan 5: Umabot ba kayo sa isang kasunduan sa pamamagitan?

OO > Sabihin sa sentrong pangrehiyon na binabawi mo ang iyong kahilingan para sa Patas na Pagdinig. Ang mga serbisyo na napagkasunduan sa desisyon ng iyong hindi pormal na pulong ay mag-uumpisa sa loob nang 10 araw ng pagkakatanggap ng iyong pagbawi. HUWAG NANG LUMAYO

HINDI > Maaari magpatuloy sa isang Patas na Pagdinig. PUMUNTA SA Katanungan 6

Katanungan 6: Gusto mo bang magpatuloy sa isang Patas na Pagdinig?

OO > Ang Patas na Pagdinig ay gaganapin sa loob nang 50 araw sa pagkakatanggap ng sentrong pangrehiyon ng iyong kahilingan para sa isang pagdinig, maliban lang kung ang gagawaran ng hukom nang mas mahabang panahon para sa magandang dahilan.

Ang desiyon ng Patas na Pagdinig ay dapat maipalabas sa loob nang 10 araw na may pasok sa huling araw ng pagdinig at hindi lalampas nang higit sa 80 araw pagkatapos ng iyong inisyal na kahilingan para sa pagdinig maliban lang kung iurong mo ang timeline sa pamamagitan ng paghingi sa isang pagpapatuloy (pagpapaliban)

Kung pinopondohan ang serbisyo ng Medi-Cal Home at ng Community Based Waiver kung gayon ang desisyon ay nirepaso ng DHCS sa loob nang 90 araw ng kahilingan ng pagdinig. Ang desisyon ay maaring maging pinagtibay, ibinaligta, o sinulat nang naiiba. PUMUNTA SA Katanungan 7

HINDI > Maaari kang umurong sa Patas na Pagdinig sa pamamagitan ng pagkontak sa OAH.

Katanungan 7: Nasisisyahan ka ba sa desisyon ng Patas na Pagdinig?

OO > Ibibigay ang mga serbisyo at suporta gaya nang pinagpasyahan sa desisyon ng Patas na Pagdinig.

HINDI > Mayroon kang 90 araw para maghain ng Writ of Administrative Mandamus sa superyor na korte. Maaari mong konakin ang Disability Rights California o isang pirbadong abogado para sa tulong.

: Ang sentrong pangrehiyon ay maaaring magpatuloy sa isang pagputol o isang pagbabawas sa mga serbisyo sa loob nang 10 araw maliban lang kung makakukuha ang iyong abogado ng kautusan ng korte para ipagpatuloy ang mga serbisyo habang nagdedesisyon ang korte sa iyong apela.

Apendise B - Gabay sa Pagtatasa

Ang paggamit ng psychological, neuropsychological, at iba pang pagtatasa para tukuyin kung ang isang tao ay may kapansana hinggil sa paglilinang sa ilalim ng Lanterman Developmental Disabilities Services Act.

Hinilingan ka na magsagawa ng pagtatasa ng (ilagay ang pangalan dito) para matukoy kung si (ilagay ang pangalan dito) ay may kapansanan hinggil sa paglilinang sa ilalim ng batas ng California. Ang iyong pagtatasa ay dapat talakayin at sagutin ang mga sumusunod na katanungan at magsama ng paglalarawan ng mga natuklasang klinikal at iba pang datos kung saan ibinabatay ang iyong mga pagpapasiya. Ang mga natuklasang ito at iba pang ebidensya ay maaaring isama ang mga resulta ng isina-pamantayan at iba pang pagsusuri na isinagawa kay (ilagay ang pangalan dito), mga repaso ng (ilagay ang pangalan dito) mga rekord, mga panayam ni (ilagay ang pangalan dito) o ibang tao na kilala si (ilagay ang pangalan dito), at anumang iba pang katanungan at mga pamamaraan na gingamit mo para talakayin at sagutin ang sumusunod:

1. Si (ilagay ang pangalan dito) ay may kapansanan sa pangkasipan, cerebral palsy, epilepsy, o autism?

__Kapansanan sa Pangkaisipan

__Cerebral Palsy

__Epilepsy

___Autism

2. Ano ang naging pamantayan ng diyagnostiko, at ang kilinikal na (mga) pinagkukunan ng mga pamantayan na iyon (hal., ang DSM-V), na ginagamit para magawa ang (mga) pagpapasya sa ilalim ng #1 sa itaas?

Anong mga klinikal na natuklasan, mga katotohanan, rekord, mga resulta ng pagsusuri, o iba pang datos na sinusupportahan ang (mga) pagpapasyang ginawa sa ilalim ng #1 sa itaas hinggil sa pamantayan ng diyagnostiko na nakalista sa ilalim ng #2 sa itaas?

Kailan nagsimula ang (mga) kundisyon na kinilala sa ilalim ng #1, at sa kung anong mga klinikal na natuklasan, mga katotohanan, rekord, mga resulta ng pagsusuri, o iba pang datos ibinatay ang pagpapasya na ito?

Ang (mga) kundisyon ba na kinilala sa ilalim ng #1 ay malamang ba na magpapatuloy nang walang katiyakan, at sa kung anong klinikal na mga natuklasan, mga katotohanan, rekord, mga resulta ng pagsusuri o iba pang datos ibinabatay ang pagpapasya na ito?

3. Ang (mga) kundisyon ba na tinukoy sa #1 sa itaas ay naghihirang ng “Substantial Disability” para sa (ilagay ang pangalan dito) bilang ang katawagan na “Substantial Disability” ay tinukoy sa ibaba:

(1) Isang kundisyon kung saan ay nagreresulta sa malubhang paghina ng pagganap ng kaalaman at/o kapwa, naglalarawan nang sapat na kahinaan para mangailangan ng maraming pangdisiplinang pagpapalano at koordinasyon ng espesyal o henerikong mga serbisyo para tulungan ang indibidwal sa pagtamo ng pinakamalaking potensyal;

Tandaan, gaya nang ginamit sa (1), ang katawagan na “cognitive” ay nangangahulugan na: ang kakayahan ng isang indibidwal na lumutas ng mga problema sa pamamagitan ng malinaw na pagkakaunawa, para

umangkop sa mga bagong sitwasyon, para mag-isip nang mahirap maunawaan, at para magbenepisyo mula sa karanasan.

Oo () o Hindi (). Kung oo, sa batayan kung ano ang mga klinikal na natuklasan, mga katotohanan, rekord, mga resulta ng pagsusuri, o iba pang datos na ginagawa ang pagpapasya na ito?

at

(2) Ang pagkakaroon ng malaking mga limitasyon ng pagganap sa tatlo o higit pa sa mga sumusunod na larangan ng pangunahing aktibidad ng buhay, nang naaangkop sa edad ng tao:

(A) Madaling makaunawa at mapagpahiwatig na wika;

Oo () o Hindi (). Kung oo, sa batayan kung ano ang mga klinikal na natuklasan, mga katotohanan, rekord, mga resulta ng pagsusuri, o iba pang datos na ginagawa ang pagpapasya na ito?

(B) Kaalaman;

Oo () o Hindi (). Kung oo, sa batayan kung ano ang mga klinikal na natuklasan, mga katotohanan, rekord, mga resulta ng pagsusuri, o iba pang datos na ginagawa ang pagpapasya na ito?

(C) Sariling pangangalaga;

Oo () o Hindi (). Kung oo, sa batayan kung ano ang mga klinikal na natuklasan, mga katotohanan, rekord, mga resulta ng pagsusuri, o iba pang datos na ginagawa ang pagpapasya na ito?

(D) Kadaliang kumilos;

Oo () o Hindi (). Kung oo, sa batayan kung ano ang mga klinikal na natuklasan, mga katotohanan, rekord, mga resulta ng pagsusuri, o iba pang datos na ginagawa ang pagpapasya na ito?

(E) Sariling-pangangasiwa;

Oo () o Hindi (). Kung oo, sa batayan kung ano ang mga klinikal na natuklasan, mga katotohanan, rekord, mga resulta ng pagsusuri, o iba pang datos na ginagawa ang pagpapasya na ito?

(F) Kapasidad para sa malayang pamumuhay;

Oo () o Hindi (). Kung oo, sa batayan kung ano ang mga klinikal na natuklasan, mga katotohanan, rekord, mga resulta ng pagsusuri, o iba pang datos na ginagawa ang pagpapasya na ito?

(G) Pangkabuhayan na sariling natutugunan ang pangangailangan.

Oo () o Hindi (). Kung oo, sa batayan kung ano ang mga klinikal na natuklasan, mga katotohanan, rekord, mga resulta ng pagsusuri, o iba pang datos na ginagawa ang pagpapasya na ito?

(3) Sa paggawa ng iyong pagpapasya hinggil kung ang kapansanan ni (ilagay ang pangalan dito), gaya nang tinukoy sa ilalim ng #1 sa itaas, ay nagbunsod ng Substantial Disability, nagpakonsulta ka ba sa (ilagay ang pangalan dito), o ang kanyang mga magulang, tagapag-alaga, tagapag-ingat, tagapagturo, tagataguyod, o sinumang iba pang indibidwal, at sa kanino ka nagpakonsulta?

4. Kung natuklasan mo na ang (ilagay ang pangalan dito) ay walang isa sa apat na kundisyon na nakalista sa #1 sa itaas, dapat din isaalang-alang ng iyong pagtatasa kung ang (ilagay ang pangalan dito) ay may kundisyon kung saan ay malapit na nauugnay sa kapansanan sa pangkaisipan.

A. Sa iyong propesyonal na opinyon, anu-ano ang klinikal na katangian ng Kapansanan sa Pangkaisipan, at, para sa bawat katangian na ililista mo, ano, kung mayroon man (lampas sa iyong karanasang kasanayan), ang mula sa obserbasyon, diyagnostiko, o propesyunal na pinagkunan na sinusupportahan ang iyong pagkakakilanlan sa katangian na iyon bilang isang katangian ng Kapansanan sa Pangkaisipan?

(Ilagay ang impormasyon dito) - Pinagkukunan bilang suporta sa pagkakakilanlan:

(Ilagay ang impormasyon dito)

(Ilagay ang impormasyon dito) - Pinagkukunan bilang suporta sa pagkakakilanlan:

(Ilagay ang impormasyon dito)

(Ilagay ang impormasyon dito) - Pinagkukunan bilang suporta sa pagkakakilanlan:

(Ilagay ang impormasyon dito)

(Ilagay ang impormasyon dito) - Pinagkukunan bilang suporta sa pagkakakilanlan:

(Ilagay ang impormasyon dito)

B. Alin, kung ang alinman, sa mga katangian na kinilala sa itaas ang inihahayag ng (ilagay ang pangalan dito), at, para sa bawat katangiang tinukoy, sa kung anong mga klinikal na natuklasan, mga katotohanan, rekord, mga resulta ng pagsusuri, o iba pang datos ay ang pagpapasya ng presensya ng katangian na iyon sa ibinatay na (ilagay ang impormasyon dito)?

(Ilagay ang impormasyon dito) batay sa (ilagay ang impormasyon dito)

(Ilagay ang impormasyon dito) batay sa (ilagay ang impormasyon dito)

(Ilagay ang impormasyon dito) batay sa (ilagay ang impormasyon dito)

C. Ang kundisyon ba ni (ilagay ang pangalan dito), gaya nang inilarawan ng mga katangian na kinilala mo siya bilang nakararanas ng sa ilalim ng B. sa itaas, ay nagsimula bago sa edad na 18?

Oo () o Hindi (). Kung oo, sa anong klinikal na mga natuklasan, mga katotohanan, rekord, mga resulta ng pagsusuri, o iba pang datos ibinabatay ang pagpapasya na ito?

D. Ang kundisyon ba ni (ilagay ang pangalan dito), gaya nang inilarawan ng mga katangian na kinilala mo siya bilang nakararanas ng sa ilalim ng B. sa itaas, ay malamang na magpapatuloy nang walang katiyakan?

Oo () o Hindi (). Kung oo, sa kung anong batayan ng mga klinikal na natuklasan, mga katotohanan, rekord, mga resulta ng pagsusuri, o iba pang datos na ginagawa ang pagpapasya na ito?

E. Ang kundisyon ba ni (ilagay ang pangalan dito), gaya nang inilarawan ng mga katangian na kinilala mo siya bilang nakararanas sa ilalim ng B.

sa itaas, ay nagbubunsod ng Substantial Disability para sa kanya, gaya nang tinukoy ng Substantial Disability sa ilalim ng 6. (1), (2) (A) hanggang (G), at (3) sa itaas?

Oo () o Hindi (). Kung oo, mangyaring ilista at ilarawan sa kung anong klinikal na mga natuklasan, katotohanan, rekord, mga resulta ng pagsusuri, o iba pang datos ng bawat pagpapasya sa ilalim ng 6. (1), (2) (A) hanggang (G), at (3) sa itaas ay ibinibatay?

5. Kung matuklasan mong wala sa apat na kundisyon si (ilagay ang pangalan dito) na nakalista sa #1 sa itaas, o isang kundisyon na ipinaliwanag sa ilalim ng #7 sa itaas, dapat din isaalang-alang ng iyong pagtatasa kung si (ilagay ang pangalan dito) ay may kundisyon na kinakailangan ng katulad na paggagamot para sa mga taong may kapansanan sa pangkaisipan.

F. Sa iyong propesyonal na opinyon, anu-ano ang mga kinakailangang paggagamot para sa mga taong may Kapansanan sa Pangkaisipan, at,

para sa bawat kinakailangang paggagamot na ililista mo, ano, kung mayroon man (lampas sa iyong karanasang kasanayan), ang mula sa obserbasyon, diyagnostiko, o propesyunal na pinagkunan na sinusupportahan ang iyong pagkakakilanlan ng kinakailangan ng paggagamot na iyon bilang isang kailangan para sa mga taong may Kapansanan sa Pangkaisipan?

(Ilagay ang impormasyon dito) - Pinagkukunan bilang suporta sa pagkakakilanlan:

(Ilagay ang impormasyon dito)

(Ilagay ang impormasyon dito) - Pinagkukunan bilang suporta sa pagkakakilanlan:

(Ilagay ang impormasyon dito)

(Ilagay ang impormasyon dito) - Pinagkukunan bilang suporta sa pagkakakilanlan:

(Ilagay ang impormasyon dito)

- A. Alin, kung mayroon man, sa mga kinakailangang paggagamot na kinilala sa itaas na kailangan ni (ilagay ang pangalan dito), at, para sa bawat kinilalang kailangang paggagamot, sa kung anong klinikal na mga natuklasan, mga katotohanan, rekord, mga resulta ng pagsusuri, o iba pang datos ibinabatay ang pagpapasya ng pagkakakilanlan na iyon?
(Ilagay ang impormasyon dito) batay sa (Ilagay ang impormasyon dito)
(Ilagay ang impormasyon dito) batay sa (Ilagay ang impormasyon dito)
(Ilagay ang impormasyon dito) batay sa (Ilagay ang impormasyon dito)
- B. Kung kakailanganin ni (ilagay ang pangalan dito) ng paggagamot kung saan ay hindi nakalista sa ilalim ng A. sa itaas, ngunit kung saan ay katulad sa isa sa mga iyon, mangyaring ilarawan ang bawat naturang katulad na

paggagamot, ilarawan kung aling kinakailangang paggagamot na nakalista sa ilalim ng A. sa itaas ito'y katulad at kung bakit, at ilarawan ang klinikal na mga natuklasan, mga katotohanan, rekord, mga resulta ng pagsusuri, o iba pang datos na sinusuportahan ang pagpapasya na kinakailangan ni (ilagay ang pangalan dito) ng bawat naturang kinakailangan.

(Ilagay ang impormasyon dito), na katulad sa (ilagay ang impormasyon dito), dahil ang (ilagay ang impormasyon dito), at kung saan ang (ilagay ang impormasyon dito) ay kinakailangan batay sa (ilagay ang impormasyon dito)

(Ilagay ang impormasyon dito), na katulad sa (ilagay ang impormasyon dito), dahil ang (ilagay ang impormasyon dito), at kung saan ang (ilagay ang impormasyon dito) ay kinakailangan batay sa (ilagay ang impormasyon dito)

C. Ang kundisyon ba ni (insert name here), gaya nang inilarawan ng mga kinakailangan ng kanyang paggagamot na nakalista sa ilalim ng B. at/o C. sa itaas, ay nagsimula bago sa edad na 18?

Oo () o Hindi (). Kung oo, sa kung anong klinikal na mga natuklasan, mga katotohanan, rekord, mga resulta ng pagsusuri, o iba pang datos ibinabatay ang pagpapasya na ito?

D. Ang kundisyon ba ni (insert name here), gaya nang inilarawan ng mga kinakailangan ng kanyang paggagamot na nakalista sa ilalim ng B. at/o C. sa itaas, ay malamang na mgapapatuloy nang walang katiyakan?

Oo () o Hindi (). Kung oo, sa kung anong klinikal na mga natuklasan, mga katotohanan, rekord, mga resulta ng pagsusuri, o iba pang datos ibinabatay ang pagpapasya na ito?

E. Ang kundisyon ba ni (ilagay ang pangalan dito), gaya nang inilarawan ng mga katangian na kinilala ng paggagamot na kinilala mo siya bilang

nakararanas sa ilalim ng B. at/o C. sa itaas, ay nagbubunsod ng Substantial Disability para sa kanya, gaya nang tinukoy ng Substantial Disability sa ilalim ng 6. (1), (2) (A) hanggang (G), at (3) sa itaas?

Oo () o Hindi (). Kung oo, mangyaring ilista at ilarawan sa kung anong klinikal na mga natuklasan, mga katotohanan, rekord, mga resulta ng pagsusuri, o iba pang datos ibinabatay ang bawat pagpapasya sa ilalim ng 6. (1), (2)(A) hanggang (G), at (3) sa itaas.

APENDISE C – Sampol ng Kahilingan para Magpalit ng Mga hukom

SA PAMAMAGITAN NG FACSIMILE (213) 576-7244

Setyembre 20, 2015

Janis S. Rovner
Presiding Administrative Law Judge
Tanggapan ng mga Administratibong Pagdinig
320 W. Fourth Street, Ste. 630
Los Angeles, CA 90013
Hinggil sa: Pangwakas na Hamon

John Doe v Harbor Regional Center
OAH No. 201511100000
Petsa ng Pagdinig: Setyembre 28, 2015

Minamahal na Judge Rovner:

Sumulat ako sa ngalan ni John Doe upang humiling na magtalaga ng ibang Hukom (Judge) na siyang didinig sa kanyang kaso sa Setyembre 28, 2015. Ang kasalukuyang nakatalagang Hukom ay si Vincent Nafarete. Hinihiling namin na maisagawa ang pagpapalit na ito alinsunod sa Titulo 1 ng California Code of Regulations, Seksyon 1034 at Government Code seksyon 11425.40. Kalakip ay ang ipinag-uutos na deklarasyon na kailangan batay sa seksyon na iyon.

Salamat sa iyong pagsasaalang-alang. Mangyaring maging malayang kontakin ako sa (213) 555-5555 kung kinakailangan.

Gumagalang,

Jane Doe

Kalakip

Deklarasyon ni Jane Doe

Ina ni John Doe

Ako, si Jane Doe, ay idinedeklara na:

- 1) Ako ang magulang para sa isang partido sa nakabinbin na pangyayari.
- 2) Ang hukom (judge) na itinalaga sa Pagdinig ay hindi makatarungang naghatol laban sa interes ng partido kaya naniniwala ang nagdedeklara na ang kanyang anak na lalaki ay hindi maaaring magkaroon ng makatarungan at walang kinikilingang Pagdinig sa harap ng Hukom, Vincent Nafarrete.

Ang Deklarasyon na ito ay sumasailalim sa parusa ng pagsisinungaling batay sa mga batas ng estado ng California at nilagdaan noong Setyembre 20, 2015, sa Los Angeles, California.

Gumagalang,

Jane Doe

Apendise D – Sampol ng Listahan ng Mga saksi at Exhibit

Ang iyong pangalan

Ang Address ng iyong Kalye

Ang Iyong Lungsod, Estado, at Zip Code

Ang Numero ng Iyong Telepono

Awtorisadong Kinatawan para sa [Name of Regional Center Client]

TANGGAPAN NG MGA ADMINISTRATIBONG PAGDINIG
ESTADO NG CALIFORNIA

Sa Paksa ni:

Pangalan ng Umaangkin,

Umaangkin,

at

SENTRONG PANGREHIYON,

Ahensya ng Serbisyo

Case No.:

Petsa ng Pagdinig:

Oras ng Pagdinig:

Lugar ng Pagdinig:

Hukom ng Administratibong Batas:

LISTAHAN NG SAKSI AT EBIDENSYA NG NAGKE-CLAIM

LISTAHAN NG SAKSI

- 1) Tetestigo ang Pangalan ng Saksi tungkol sa [ilarawan kung ano ang tungkol sa kanilang itetestigo.]
- 2) Ang Pangalan ng Saksi, ay sinu-subpoena upang tumestigo hinggil sa [ilarawan kung ano ang tungkol sa kanilang itetestigo.]

LISTAHAN NG EBIDENSYA

- 1) Maikling Pambungad
- 2) Dokumentasyon ng Pagdinig
 - a. Kahilingan para sa Serbisyo na may petsang [Insert Date]
 - b. Sulat ng pagtangga na may petsang [Insert Date]
 - c. Kahilingan ng Pagdinig na may petsang [Insert Date]
 - d. Abiso ng Pagdinig
- 3) Impormasyon tungkol sa Programa
- 4) Mga resume ng Tauhan ng Programa
- 5) Ulat ng Progreso mula sa [Insert name of program] dated [Insert Date]
- 6) Ulat ng Progreso mula sa [Insert name of program] dated [Insert Date]
- 7) Pangkaisipang Pagsusuri at Pagpapasya ng [Insert Name of Assessor] na may petsang [Insert Date]
- 8) IPP na may petsang [Insert Date]
- 9) Deklarasyon ng [Insert Name] na may petsang [Insert Date]
- 10) Mga pagbabanggit para sa Abisong Hinggil sa Hukuman
 - a. WIC section 4512
 - b. Title 17 CCR sections 54000-54002

Apendise E - Batas ng Pagkanarapat ng Sentrong Pangrehiyon

WELFARE AND INSTITUTIONS CODE SECTION 4512(a)

4512. Gaya nang ginagamit sa dibisyong ito:

(a) Ang ibig sabihin ng “kapansanan hinggil sa paglinang” (developmental disability) ay isang kapansanan na nagmumula bago pa mag-18 taong gulang ang isang indibidwal, magpapatuloy o maaaring asahang magpapatuloy, nang walang katiyakan; at nagbubunsod ng sapat ng substantial disability para sa indibidwal na iyon. Tulad ng tinukoy ng Direktor ng mga Serbisyo Hinggil sa Panglinang, sa pakikipagkonsulta sa Tagapamanihala ng Pampublikong Pagtuturo, isasama sa katawagang ito ang kapansanan sa pangkaisipan, cerebral palsy, epilepsy, at autism. Isasama rin sa katawagang ito ang mga kondisyong nakapagpapahina na natuklasang malapit na nauugnay sa kapansan sa pangkaisipan o para kailanganin ng paggagamot katulad sa kailanganin na iyon para sa mga indibidwal na may kapansanan sa pangkaisipan, ngunit hindi isasama ang iba pang mga kondisyong nakakabawas na mga pisikal ang gawi lamang.

17 CCR section 54000. Kapansanan Hinggil sa Paglilinang.

(a) Ang “Kapansanan Hinggil sa Paglilinang (Developmental Disability)” ay nangangahulugan ng kapansanan na naipapalagay sa kakulangan sa pag-isiip, cerebral palsy, epilepsy, autism, o mga kundisyong nakakabalda na natagpuan na malapit na nauugnay sa kakulangan sa pag-iisip o para hilingan ng paggagamot katulad sa kailangan na iyon para sa mga indibidwal na may kakulangan sa pag-iisip.

(b) Ang Kapansanan Hinggil sa Pag-iisip ay:

- (1) Nagsimula bago sa edad labingwalo;
- (2) Maging malamang na magpapatuloy nang walang katiyakan;
- (3) Nagbubunsod ng substantial disability para sa indibidwal gaya nang tinukoy sa artikulo.

(c) Ang Kapansahan Hinggil sa Paglilinang ay hindi isasama ang mga kundisyon ng kakulangan na mga:

(1) Diperensyang saykayatriko lang kung saan mayroong pinahingang pangkaisipan o pagganap sa kapwa na nag-umpisa bilang resulta ng diperensyang saykayatriko o paggagamot na ibinigay para sa naturang diperensya. Ang mga naturang diperensyang saykayatriko ay kasama ang kawalan ng psycho-social at/o psychosis, malalang neurosis o mga diperensya sa personalidad kahit na ang pagganap sa kapwa at pangkaisipan ay naging matinding humina bilang isang mahalagang pagpapakita ng diperensya.

(2) Mga kapansanan sa kaalaman lamang. Ang kapansanan sa kaalaman ay isang kundisyon na nagpapakita bilang isang malaki-laking kakulangan sa pagitan ng potensyal na kaalaman at aktuwal na antas ng pagganap hinggil sa edukasyon at kung saan ay hindi isang resulta ng ginawang panlahatan ng kakulangan sa pag-iisip, edukasyonal o kawalan ng psycho-social, diperensyang saykayatriko, o kawalan ng panamdang.

(3) Pisikal ang gawi lamang. Kasama sa mga kundisyon na ito ang mga likas na anomalya o kundisyon na nakuha sa pamamagitan ng sakit, aksidente, o madepektong paglilinang kung saan ay hindi inuugnay sa isang kahinaang neurological na nagreresulta sa isang pangangailangan ng paggagamot na katulad sa kinakailangan na iyon para sa kakulangan sa pag-iisip.

17 CCR section 54001. Substantial Disability.

(a) "Substantial disability" ay nangangahulugan na:

(1) Isang kundisyon kung saan ay nagreresulta sa malubhang paghina ng pagganap ng kaalaman at/o kapwa, na naglalarawan nang sapat na kahinaan para mangailangan ng maraming pangdisiplinang pagpapalano at koordinasyon ng espesyal o henerikong mga serbisyo para tulungan ang indibidwal sa pagtamo ng pinakamalaking potensyal; at

(2) Ang pagkakaroon ng malaking mga limitasyon ng pagganap, gaya nang pinagpasyahan ng sentrong pangrehiyon, sa tatlo o higit pa sa mga sumusunod na larangan ng pangunahing aktibidad ng buhay, nang naaangkop sa edad ng tao:

(A) Madaling makaunawa at mapagpahiwatig na wika;

(B) Kaalaman;

(C) Sariling pangangalaga;

(D) Kadaliang kumilos;

(E) Sariling-pangangasiwa;

(F) Kapasidad para sa malayang pamumuhay;

(G) Pangkabuhayan na sariling natutugunan ang pangangailangan.

(b) Ang pagtatasa ng substantial disability ay gagawin ng isang grupo ng mga propesyonal ng Sentrong Pangrehiyon ng naiibang mga kasanayan at isasama ang pagsasaalang-alang ng katulad na kuwalipikasyon ng mga pagpapahalaga na isinasagawa ng iba pang maraming pandisiplinang lupon ng Departamento na pinagsisilbihan ang potensyal na kliyente. Magsasama ang grupo bilan isang pinakamaliit na tagapagkoordinang programa, ng isang manggagamot, at isangpsychologist.

(c) Ang grupo ng propesyonal ng Sentrong Pangrehiyon ay kokonsultahin ang potensyal na kliyente, mga magulang, tagapag-alaga/tagapagpanatili, tagapagturo, tagataguyod, at iba pang kinatawan ng kliyente hanggang sa sukduhan na pumapayag sila at available para lumahok sa mga deliberasyon nito at hanggang sa sukduhan na nakukuha ang naaangkop na nilalaman.

(d) Ang anumang muling pagtatasa ng substantial disability para sa mga layunin ng pagpapatuloy ng pagkanararapat ay gagamitin ang parehong pamantayan sa ilalim kung saan ang indibidwal ay dating orihinal na ginawang karapat-dapat.

17 CCR section 54002. Cognitive.

ang "Cognitive" gaya nang ginamit sa kabanata na ito ay nangangahulugan na kakayahan ng isang indibidwal na lumutas ng mga problema sa pamamagitan ng malinaw na pagkakaunawa, para umangkop sa mga bagong sitwasyon, para mag-isip nang mahirap maunawaan at para magbenepisyo mula sa karanasan.

Pinopondohan ang Disability Rights California ng iba't ibang pinagkukunan, para sa isang kumpletong listahan ng mga nagpopondo, pumunta sa <http://www.disabilityrightsca.org/Documents/ListofGrantsAndContracts.html>.